# Ang Eden ni Satanas

Jeffersonville, Indiana USA

65-0829

1 Yumuko tayo. Mahal na Diyos, nagpapasalamat kami sa Iyo sa gabing ito para sa dakilang pagkakataon, na makaparito kaming muli sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang katagpuin ang aming kaaway, ang Iyong kaaway doon sa larangan ng pakikibaka; sa pamamagitan ng Salita, upang itaboy siya mula sa kalagitnaan ng Iyong bayan; upang makita nila, sa gabing ito, Panginoon ang Liwanag ng Ebanghelyo. Idinadalangin ko pahiran Mo ang aming mga mata ng pamahid sa mata, upang mabuksan ito sa Katotohanan; nang sa gayon ay umalis kami rito, na sinasabi sa kaibuturan ng aming puso. "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa kalooban natin habang nagungusap siya sa atin sa daan?" Pagalingin mo ang may sakit at ang may karamdaman. Palakasin Mo ang loob ng mga nanglulupaypay. Itaas Mo ang mga nanghihinang mga kamay na dating nakababa. Nawa ay mag-abang kami sa pagdating ng panginoong Jesus, na pinaniwalaan naming nalalapit na. Hinihiling naming Ito sa Ngalan ni Jesus.Amen Makauupo na kayo.

2 Sisikapin kong maging maikli sa gabing ito, dahil alam ko na marami ang nag mula pa sa iba't-ibang bahagi ng bansa…para sa gawaing ito; o nagpalipas ng gabi, ang ilan sa inyo, at kailangan pang bumiyahe, ng malayo para makauwi. At pinasasalamatan ko kayo.Kaninang umaga ay nais ko rin sanang pakinggan si Brother Neville. Maraming beses ko na siyang narinig, at kailan man ay hindi pa nangyari na nakinig ako sa kaniya na hindi ko nagawang pahalagahan. Ngunit kaninang umaga, ang napapanahong mensaheng iyon, alam ko na pinangunahan ako ng panginoon na pakinggan iyon kaninang umaga.napakaganda! At naunawaan ko kung bakit gusting-gusto n'yo ring maparito at makinig sa kanya. At lagong makakatulong sa inyo, natitiyak ko, ang makinig sa kanya.

3 Sinisikap kong makahabol sa ilang sa aking mga panayam sa araw na ito; kaninang umaga at kaning hapon. At maraming-marami pa ang susunod. At ako'y… 4 Sa, paniniwala ko,ay si Jethro ang nagsabi kay Moises minsan; ang sabi "Lubha nang mabigat iyan para sa iyo." Kaya marami tayong mga kapatid dito na makakatulong sa inyong mga suliranin. At bawat isa sa kanila ay lehitmo, at maraming mabubuting bagay ang maari nilang pangasiwaan. At mairirikuminda ko ang pastor natin o kaya'y si brother Maan, at ang iba pang mga ministro n gating pananampalataya rito. Maaari kayong makipagkita sa kanila. Sasabihin nila sa inyo kung ano ang nararapat gawin; ang ibang tao. Ang kanilang mga anak; nag-aasawahan sa isa't-isa, o mga bagay-bagay na

mali. Ang mga kalalakihang ito ay makatutulong sa inyo gaya rin ng—ng iba, sapagkat sila ay mga lingkod ni Cristo. Puntahan n'yo sila, at natitiyak kong mabi—mabibigyan nila kayo ng tulong na kailangan n'yo. Hindi ko sila maaabot lahat, napakarami nila, saan ka man magtungo. Parami ng parami ang mga iyon, At nais mong maabot ang bawat isa sa kanila, ngunit hindi mo magawa.Ngunit walang patid ang aking pananalangin na ang Diyos, sa anu't anuman ang magsasaayos ng lahat ng itopara sa iyo.

4 Ngayon, sa gabing ito, nais nating magtungo sa kasulatan, na magbasa ng bahagi ng Kasulatan sa Genesis,ika-3 kabanata; at babalikan natin ng kaunti ang ilan sa mga bagay na pinag-uusapan natin noong mga nakaraang pagkakataon, at tingnan natin kung bibigyan tayo ng Panginoon Jesus ng kaunti pang dagdag na kaalaman sa kung ano ang ating malalaman sa ating paglabas. Dalangin ko—dalangin nawa ay gawin Niya ito. Ang ahas nga ay lalaong tuso kaysa alinman sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halaman ay makakain kami:

Datapuwa't sabunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halaman ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaan, ni wag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamatay:

Sapagkat talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama at masama. At nang Makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kainin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantasa sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaan at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.

At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata,at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.

5 Idagdag nawa ang Diyos… Kaniyang pagpapala sa pagbasa ng Kaniyang Salita. Ngayon nais konh kumuha ng isang teksto ngayong gabi mula riyan, at tawagin itong: Ang Eden ni Satanas. Napakagaspang ng munting kataga. Isang eden ni Satanas. Halos katugma ito noong nakaraang Linggo ng gabi, sa

paniwala ko, nang ako'y mangusap sa inyo rito tungkol sa Ang Panala ng Isang Lalaking Nag-iisip,at panlasa ng isang lalaking banal. 7 Minsan ang mga mumunting magaspang na pananalitang ito ay

naghahatid sa atin sa isang bagay;at ito'y nagbubunsod sa atin upang mag-aral at magbasa ng salita. Iyon ang nais kong gawin ng lahat sa aking kongregasyon. "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos" Kaya basahin n'yo ang Salita; pag-aralan n'yo ito. At pagaralan n'yo Ito sa pamamagitan ng mga mata ng Diyos, upang mabigyan ang inyong mga pag-iisip ng kaunawaan kung paano tayo dapat mamuhay sa pangkasalukuyang araw na ito.

6 Ngayon, ang pumarito sa gabing ito para lamang mangusap sa inyo at sabihing, "Buweno, maari kong gawin ang ganito o ganiyan…" 9 Nais kong mkipag-usap sa mga tao katulad din ng nais ko pa ngang pumasyal sa tahanan ng bawat isa sa inyo sa gabing ito.Ako… Alam ng Diyos na iyan ang katotohanan. Nais kong umuwing kasama ng bawat isa sa inyo, at - at mag-almusal na kasama n'yo kinaumagahan, at - at lumabas at mangaso ng iskwirel na kasama n'yo kinahapunan, kita n'yo? Nais kong gawin iyon, ngunit iyon ay hindi ko kayang gawin. Nais ko sanang magtungo sa iyong tahanan at umupo at makipag-usap sa inyo; umupo sa balkonahe at pagkatapos ng gawain, at mangusap sa inyo sa ilang sandali at makipag-usap sa inyo tungkol sa inyong kalagayan at tungkol sa Diyos. Ibig kong gawin iyon. Sa mga kalalakihan at kababaihang naririto; alam ng Diyos na nais kong gawin iyon, ngunit hindi ko iyon magawa. Napakaraming mga—mga bagay na humahatak at nakakagigipit.

7 At—at sa panahong ito na puno ng kabagabagan na ating kinamumuhayan… At ako rin ay isang nerbiyosong tao. Sa araw na ito, nakapagpasiya na ako tungkol sa isang bagay. "Talagang kailangang gawin ko ito," at pagkatapos kinabukasan milya—milya ang layo noon sa akin; may isang bagay na sumingit at gumawa ng ganito at ganoon. Nahihirapan kang panatilihin ang talas ng isip mo.

8 Ngunit ang pangunahin kong gampanin ay ipangaral ang Ebanghelyo sa Iglesia, at gawin ang lahat ng mga magagawa ko upang makapaghatid ng karangalan kay Jesus Cristo sa araw na ito, habang ako ay naririto sa mundo, at sa natitira pang panahon na ilalagi ko sa mundo. Naparito ako upang sabihin sa inyo ang isang bagay na makatutulong sa inyo; isang bagay na aking pinagaralan matapos akong umuwi kaninang umaga sa bahay; "ano kaya maaari kong sabihin mamayang gabi, Panginoon, na makaktutulong sa mga taong iyon?"

Nakikinig ako sa Makapngyarihang mensaheng iyon kaninang umaga tungkol sa… na ihahatid sa amin ni Brother Neville, tungkol sa… Naisip kong napakaganda noon, kung paanong sinabi niya roon, "susuriin ng isang Duktor ang kaso; ngunit ang lalaking dumaradating na may dalang lalagyan na puno ng mga karayom, siya ang nagtuturok," kaya naiisip ko na iyon ay tunay na isang munting nakatutuwang pangungusap. Pinag-isipan ko ang tungkol doon, "ang iniksiyon, matapos na suriin ang kaso." At kaya nga napakabuting bagay niyaon.

9 Nais kong mangusap sa inyo ng isang bagay, upang maghatid ng bagay na makapagpapaliwanag sa inyo tungkol sa pangako ng Diyos para sa kapanahunang ito. Kita n'yo? Isang bagay, hindi isang bagay na dala ng ibang tao sa ibang araw, kundi isang bagay… at ang mga bagay na iyon ay mabuti; lahat tayoay nangungusap tungkol sa mga bagay na iyn. Ngunit naisip kong maghatid ng isang bagay sa inyong kaisipan, sa pamagitan ng mga Kasulatang isinulat ko rito, na makapagpapaliwanag sa inyo, upang inyong malaman, upang gawin mas higit na mainam na kawal sa larangan ng inyong pakikibaka ngayon; upang matutunan ang mga lalang ng kaaway sa gayon ay masangga n'yo ang lahat bago siya makarating sa inyo, kita n'yo. Iyon ang pangunahing bagay, ay ang matutunan n'yo ilagan ang—ang mga suntok,hangat maaari.

10 Ngayon tumingin tayo, ngayon, sa dakilang… sa loob ng ilang sandali,sa lubhang,makasalanang araw na ito na kinabubuhayan natin. Hindi ako naniniwala na kailangan ay nag karoon ng isang araw na aking nabasa sa kasaysayan… nagkaroon ng mas mahigit na dakilang mga araw ng pag-uusig kung kailangan ay pinagpapatay ang mga anak ng Diyos sa lahat ng dako, ngunit ang Makita ang katusuhan ng kaaway, hindi pa nagkaroon kailan man ng isang araw na katulad nitong ating kinabubuhayan ngaun. Ito na ang pinakatukso, at mapanlilang na araw. Nang Makita ko iyon, ito ang nagbubunsod sa Cristo na higit na mapagmatyag sa araw na ito, kaysa sa alinmang panahon.

11 Ngayon, magbabalik tayo sa mga kaarawan ng pag-uusing ng Roma, sa Iglesia; at kapag nag kamali ang isang Cristiano, dahilan siya sa arena at ipakain sa mga leon, o kaya'y sa iba pang bagay na gaya no'n kapag natuklasan nila na isa siyang Cristiano dahil sa kanyang patotoo. Ngunit ligtas ang kaniyang kaluluwa, sapagkat isa siyang dalisay at walang-halong mananampalataya sa Diyos, at buong kagalakan niyang siselyuhan ang patotoo niya ng kaniyang dugo. Sa pagbubukas ng kaniyang mga ugat, o sa mga butas sa kaniyang katawan, at habang tumatagas ang dugo, sisigaw siya,taglay ang tunay na tapat na pananampalatay, at nagsasabi, " Tanggapin Mo ang aking Espiritu, Panginoong Jesus!"

12 Ngunit, ngaun, ang katusuhan ng diablo ngayon, ang nagbubunsod sa mga tao na maniniwala na sila ay mga Cristiano samantalang hindi naman. Ganiyan ang nangyayari ngayon. Hindi mo na kailangang selyuhan pa… Mas—mas higit na mapanlinlag ang araw na ito kayasa noong mga panahong kailangan mong selyuhan ang—ang buhay mo sa pamagitan ng iyong patotoo. Nailagay na ng Diablo ang bawat mapandayang bitag na magagawa niya upang… isa siyang mandaraya. At sinabi sa atin ni Jesus sa

Mateo 24, kung ano ang magaganap sa araw na ito na ating kinabubuhayan, ang pinaka-madayang araw sa lahat, "napakahawig,na dadayain nito maging ang pinaka Hinirang ng Diyos kung magagawa lang niyang dayain."

13 Ngayon paghambingin natin ang ilang mga Kasulatan, o mga hula na ipinangusap sa Biblia para sa araw na ito, at ihambing natin ito sa araw na ngayon ay kinabubuhayan natin. 18 Sa II Timoteo 3, ay natutunan natin ito, na sinasabi ng propeta na, "Mangyayari sa mga araw na ito, na ang mga tao ay magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa maibigin sa Diyos." Ihambing n'yo iyan ngayon, sandali. Hindi natin… Paiikliin lang natin, sapagkat wala tayong maraming oras upang isa-isahin natin ito gaya ng dapat mang yari; ngunit kukunin lang natin ang mga mahahalagang bagay, upang Makita ninyo sa inyong pag-uwi kapag inyong pinag-aralan. "Mga matitigas ang ulo, mga palalo. mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibiginsa Diyos; mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa mabuti." "Ngunit hayag na sinasabi ng Espiritu na ang mga bagay na ito ay magaganap sa huling panahon." Iyon ay ang mga araw na ito, ang hula ay nangungusap tungkol dito.

14 Ngayon ay mababasa rin natin, sa Apocalipsis 14, Apocalipis 3:14, pala, ang Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea, kung anoa ang magiging lagay ng Iglesia sa huling kapanahunang ito. At ito ay magiging, ang sabi nito, "Mauupo itong tulad sa isang babaeng balo at hindi mangangailangan ng anuman. Ito—ito ay mayaman, at nagkamit ng mga kayamanan , at hindi nito nalalaman na sila pala'y dukha, maralita, aba, bulag, at hubad, at hindi ito nito nalalaman." Ngayon, alalahanin, Siya ay nagungusap sa iglesia ng kapanahunang ito, " Aba, bulag, hubad, at hindi niya ito nalalaman." Ang huling parirala, ang huling salitang iyon ang nakakatawag ng pansin. Inaakala nila na sila ay puspos ng espiritu, na handang-handa na sila. Ang kapanahunang iyon ng Iglesiang Laodicea ay ang Kapanahunan ng Iglesia Pentecostal, pag kat iyon ang huling kapanahunan ng iglesia. Tinatalakay ni Luther ang kaniyang mensahe; tinalagay ni Wesley ang kaninyang mensahe; at tinaglay ng Pentecostal ang kanilang mensahe.

15 Gayon din,sinabi Nito na, "Sapagkat ikaw ay malahininga, hindi mainit o malamig man," ang panlabas na emosyon, ang pagkaisipang pagkaunawa ng ebanghelyo; "Sapagkat," ang sinabi Niya, "ganiyan kayo, ay isusuka ko kayo mula sa aking bibig." Sa ibang pananalita, naduduwal siya na makita ang iglesia sa gayong kalagayan.

16 At, alalahanin, isinuka nila Siya; at Siya ay nasa labas ng Iglesia, nagpupumilit na muling makapasok sa loob, sa napakasamang Kapanahunang iyon ng Iglesiang Laodicea.

17 Ang diyos ng sanlibutan sa araw na ito, ang sinasambang persona ng sanlibutan ngayon, ay si satanas. At hindi namamalyan ng mga tao na sinasamba nila si Satanas, ngunit nagpapanggap si satanas bilang iglesia. kita n'yo, bilang ang iglesia. Sinasabi nila sa Satanas, nag-aakalang ang Diyos ang sinasamba nila sa pamagitan ng Iglesia, Ngunit gayon iyon isinagawa ni Satanas. "O," sasabihin mo, "Ngunit sandali lang; nangangaral kami ng Salita." 23 Balikan ninyo ang teksto ko, ngayong gabi. Si Satanas ang unang nangaral ng salita kay Eva, "sinabi ng Diyos," kita n'yo. 24 Ang pagbibigay ng maling kahulugan sa bahaging iyo ng kasulatan ang siyang umaangkop sa araw na ito. Ipaaalam niya sa iyo na ang lahat ng ginawa ni Jesus ay pawang mabubuti. Ipapaalam niya sa iyo ang lahat ng ginagawa ni Moises ay pawing mabubuti. Ngunit kapag kinuha mo ang pangako na ibinigay nila para sa araw na ito, kung magkagayon ay tumutukoy Iyon sa ibang kapanahunan. Iyon lang ang kailangan niyang gawin, kita n'yo, ay ang paniwalain ang tao sa gayong paraan, at iyon—iyon lang. Sapagkat, "Hindi ka maaaring magbawas ng isa mang Salita mula Rito, o magdagdag man ng isang Salita Rito." Ngunit ganiyan ang ginagawa niya.

18 Ang mga tao, hindi nila namamalayanna sinasamba pala nila si Satanas, at ang akala nila ay ang Diyos ang sinasamba nila; gaya ng babala sa atin ng hula, sa Ikalawang Tesalonica, sa ika-2 kabanata. Kunin lng natin ito sandali, kung magagawa ko, sumandali. Nais kong basahin iyon. Sa paniwala ko, ay sa Ikalawang Tesalonica. Narito ang mga kasulatan. Sa Ikalawang… Ngayon aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, tunkol sa pagparito n gating Panginoong Jesucristo, at sa ating pagkakatipon sa kaniya; 26 Ngayon, kita n'yo "Ang pagparito ng Panginoon at ang ating pagkakatipon sa Kaniya," dahil titipunin ng Diyos ang Kaniyang bayan sa Kaniyang Sarili sa huling mga araw. "Ang pagkakatipon ng mga tao sa Panginoon,"hindi sa iglesia, "sa Panginoon; pagkakatipon sa kaniya."

Upang huwag kayong madaling makilos sa inyong pagiisip o…huwag—huwag sin naman kayong mabagabag maging sa pamamagitan man ng espiritu, 0…sa pamamagitan ng salita, o sa pamamagitan ng sulat na waring mula sa amin, na…wari bagang nalalapit n ang kaarawan ng Panginoon Huwag kayong padala kanino man sa anomang paraan: sapagkat ito'y hindi darating, maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas, at mahayag ang taong makasalanan ("taong makasalanan," pansinin kung ano siya ngayon), "…mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan," (Si Judas iyon, kita n'yo); Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat ng tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios.

19 Ang kadayaan ng iglesia sa araw na ito! Kita n'yo, "ang anak ng kapahamakan," ang diablo. "Ang anak ng kapahamakan," ang diablo. Pagkatapos, sinasamba ng mga tao si Satanas sa araw na ito, inaakalang ang Diyos ang sinasamba nila. Datapuwat sinasamba nila siya sa pamamagitan ng kredo, mga denominasyong gawa ng tao at mga kredo na nagdala sa mga tao sa pinakamalaking pandarayang naganap sa ibabaw ng lupa. Kahit pa gaano ipangaral at mabindika ang Salita ng Diyos na naipangako para sa araw na ito, hindi pa rin nila Ito paniniwalaan. Hindi nila Ito paniniwalaan. 28 Kung gayon ay bakit? Nagtataka tayo kung bakit. Bakit nga hindi; bakit hindi nila Ito mapaniwalaan? Samantalang sinabi ng Diyos na mayroon Siyang gagawing isang bagay, at tinutupad naman Niya, at gayon may tinatalikuran nila Ito at nilalayuan. Gaya ng alam ni Eva na kung ano ang sinabi ng Diyos, ay tutuparin ng Diyos; ngunit tinalikuran niya iyon, upang pakinggan kung ano ang sasabihin niya. 29 Alalahanin lang ninyo, sa ibang mga kapanahunan, ay laging gayon ang nangyayari. sa bawat kapanahunan, lagi nalang sinisikap ni Satanas sa baluktutin ang salitang iyon sa kanila, upang amg Makita nila ay ang ibang kapanahunan.

20 Tingnan n'yo nang dumating si Jesus, kita n'yo, naroon si Satanas sa kalipunan ng mga taga pagturong Judio, at mga rabi at mga saserdote, na nagpipilit na magsabi sa kanila na tuparin ang batas ni Moises, samantalang ang salita Mismo ang nagsabi na sa araw na iyon ay maihahayag ang Anak ng tao, kita n'yo naihahayag Niya ang Kaniyang Sarili. Kaya't sinisikap nila, hangga't kaya nilang panatiliin ang pagiging relihiyoso nila, at batay sa

kautusan ni Moises, Nakikita ba ninyo ang ginawa niya? Pinipilit niyang sabihin sa kanila, "Ang bahaging iyan ng Salita ay talagang tamang-tama, ngunit ang lalaking ito ay hindi ang personang iyon." Nakikita ba ninyo kung gaano siya kadaya? Iyon nga ay isang tunay na araw ng pandaraya.

21 Gayon noon, at maging ngayon, itinatag ni Satanas ang kaniyang kaharian sa ibabaw ng lupa. Iyon nga ang Dahilan kung bakit niya ginagawa ito, dahil nais niyang itatag ang sariling kaharian. 32 Gaya ng isang negosyante, na hindi Cristiano, gagawin niya ang lahat ng pandarayang magagawa niya upang magkamali ka ng pagka unawa sa isang bagay. Kung mayroon siyang isang—isang layunin at isng makasariling pakinabang kaya nais niyang ipagawa iyon sa iyo, kaya nais niyang maging gayon ang pagka unawa mo, ipakikita niya sa iyo ang lahat ng maari niyang ipakita, at ililihis ka niya sa katotohanan nito, sapagkat ang pagmamalasakit siya ay para lamang sa kaniyang sarili. Kahit gaano pa siya magsinungaling at mandaya, at kung ano pa man iyon, mayroon siyang pagnsariling pakinabang.

22 At iyan ang dahilan kung bakit ginawa iyon ni Satanas. At gumawa siya sa pamamagitan ng ministeryo upang maisagawa niya iyon, gaya ng sinabi ng Diyos sa gagawin Niya. Ngayon, nagpasimula siya sa pamamagitan ng isang maka-relihiyong pandaraya sa Eden, at nagptuloy siya mula noon. 34 Hindi sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang lupon ng mga komunista.Walang kinalaman dito ang mga komunista.Ang iglesia, iyon ang dapat ninyong manmanan, kita n'yo. Hindi ang mga komunista; alam natin na itinatanggi nila ang Diyos, at sila'y mga anticristo.Ang anticristo ay relihiyoso, napakarelihiyoso, at kaya niyang sipiin ang kasulatan, gawin itong mukhang napaka linaw. 35 Gaya ng ginawa ni Satanas noong pasimula, nagawa niyang sipiin ang lahat, "Sinabi ba ng Diyos, 'Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?'''Kita n'yo,nagawa niyang sipiin iyon. 36 Ang sabi niya, ″Oo, maari kaming kumain ng bunga ng lahat ng punong kahoy sa halamanan, ngunit mayroon isang punong kahoy sa gitna ng halamanan na ibinilin ng Diyos na huwag naming kainin, o hipuin man;'pagkat, sa araw na gawin namin iyon, sa araw ding iyon ay mamamatay kami."

23 Ang sabi niya, "O, tunay na hindi kayo mamamatay. Ngunit sasabihin ko sa iyo ang dahilan kung bakit sinabi iyon ng Diyos, iyon ay dahil…″Kita n'yo, ano ngayon ang ginawa niya? Sinipi niya ang katotohanan,kita n'yo.Ang sabi niya, "Mamumulat ang inyong mga mata, at malalaman ninyo ang mabuti at

masama. Magiging tulad kayo sa Diyos kung gayon, kung magagwa ninyo ito." 38 Iyon talaga ang nais niyang gawin, at iyan patin ang sinisikap niyang gawin sa araw na ito. Noon paman ay isa na soyang relihiyosong mandaraya mula pa sa pinaka simula sa Eden, at gayon na siya mula't sapul pa. Sa panahon ni Adan, iyon ay isang pandaraya. Sa panahon ni Noe, iyon ay isang pandaraya. Sa panahon no Jesus, gayon din. At ngayon ay gayon pa rin, iyon pa rin,isang pang-relihiyong pandaraya.

24 Ngayon pansinin natin ang lupa, nang nasa ilalim pa ito ng pamamahala ng Diyos… Siya pa ang dating namamahala rito. Pagkatapos, nang si Satanas na ang mamahala, sa pamamagitan ng pagtanggi sa Salita ng Diyos. Noong una ay nasa ilalim pa ng pamamahala ng Diyos ang lupa. Itinakda Niya ang paginog nito. Inilagay niya iyon, pinagana Niya iyon. Ginawa Niya ang lahat ng bagay, nasa ilalim iyon ng kanyang pamamahala. Ngayon ay ihahambing natin iyan doon sa matapos na mailipat iyon sa pamamahala ni Satanas.

25 Ngayon, ginawa iyon ng Diyos sa loob ng anim na libong taon. Hindi Siya inabot ng ganoon kahaba, datapuwat tumagal siya ng ganoong kahabang panahon. Anim na libong taon, dahil naturuan tayo na "ang isang araw sa Langit ay isang libong taon sa lupa," at anim na libong taon iyon, o sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Diyos ang lupa. Ngayon, inabot ang Diyos ng anim na libong taon upang maitatag

ito, matamnan ito ng mabubuting binhi at upang ang lahat ng bagay ay makapamunga ayon sa uri nito. Lahat ng bagay ay dapat mamunga ayon sa uri nito. Lahat ng kaniyang binhi ay pawing mabubuti, kaya't kailangang mamunga tyon ayon sa uri nito. Inabot nag Diyos ng anom na libong taon.

26 Sa wakes, nang matapos na Niyang gawin ang lahat, at sa wakas ay ating … Dumating Siya sa punong himpilan nito ng lupa, sa isang napakagandang dako sag awing Silangan ng Eden, na ang twag ay halamanan ng Eden. Ginawa ng Diyos ang punong himpilan ng buong mundo sa halamanan ng Eden, sa Egipto doon sa dulong silangan ng halamanan naroroon nag punong himpilan.

27 At sa ibabaw ng buong kalagayan niyaon, ay inilagay Niya ang kaniyang anak at ang asawa ng kaniyang anak, upang mamahala roon. Tama' yon Iyon ang ginawa ng Diyos. Binigyan Niya sila ng lubos na kapamahalaan. Magagawa nilang magsalita sa hangin, titigil iyon sa pag-ihip. Magagwa nilang magsalita sa punong kahoy, ay lilipay iyon mula rito payungo roon 43 Ang leon at ang oso ay magkasamang nanginginain, at ang kordero ay kasama nilang nahihiga, Walang kasamaan noon. Ganap ang kapayayapaan

doon, ganap ang pagsusunuran, lahat ng bagay ay sakdal, at ang Diyos pa noon ang namamahala. At pansinin, nasa kaniya ang … May sarili Siyang daigdig, Siya ang nagpapatakbo ng lahat. Siya ang nagpapalabas ng lahat ng bagay. Lahat ay halaman ang kinakain; walang namamatay, walang napipinsala, walang napapanis. Wala …Talagang sakdal iyon. 44 At sa lahat ng mga iyon ay inilagay Niya ang Kaniyamg mga minamahal na mga anak, ang Kaniyang anak na lalaki at babae, asawang lalaki at asawang babae, upang mamahala.

28 Ang Diyos ay lubos na nasiyahan! “At nagpahinga Siya sa lahat ng Kaniyang mga gawa, sa ikapitong araw,” At pinabanal Niya ang ikapitong araw na Sabbath na iyon para sa Kaniya. 46 Sapagkat, pinagmasdan ng Diyos ang lahat ng iyon, matapos Niya itong hubugin at ayusin sa loob ng anim na libong taon, pinalitaw Niya iyon; at itinayo Niya ang kabundukan, at itinulak ng lakas ng bulkan ang lahat ang mga bundok, at ang iba pang bagay na nagaganap sa mga pagsabog; pinatuyo iyon, at isinaayos iyon gaya nang ginawa Niya. At napakagandang lugar niyon.

29 Wala iyong katulad, ang mga dakilang paraiso ng Diyos! At ang mga naglalakihang dinosaur, at ang iba pa, ay nagsisigapang doon, sampu ng mga naglalakihang hayop; hindi sila nananakit. Kasing amo sila ng mga kuting. Walang anumang naroroon; walang—walang karamdaman, walang kalungkutan; wala ni isang mang mikrobyo ng sakit sa ibabaw ng lupa. O, anong gandang lugar niyon! 48 Ang mga naglalakihang ibon ay nagpapalipat-lipat sa mga puno, at tinatawag sila ni Adan sa kanilang mga pangalan, at dadapo sila sa balikat niya, at huhuni sila sa kaniya. At o, anong gandang lugar mayroon ang Diyos!

30 At pagkatapos ay nilikha Niya ang isa sa kaniyang mga katangian mula sa Kaniyang Sariling Katawan. May taglay na mga katangian ang Diyos sa Kaniyang katawan. 50 Gaya ng, ikaw ay isang katangian ng iyong ama. At, napansin ba ninyo, na ikaw ay naroroon na sa lolo ng lolo ng lolo mo. Ngunit, doon, ipalagay natin sa iyo at sa iyong ama. Ngayon, wala kang anumang nalalaman nang ikaw ay naroroon pa sa iyong ama. Ang binho ng buhay ay nagmumula sa lalaki. Nasa lalaki ang selula ng dugo; Nasa babe naman ang—itlog ; Ngayon, kung gayon, ang selula ng dugo ang kinaroroonan ng buhay. At, pagkatapos, nang ikaw ay naroroon pa sa iyong ama, wala kapang anumang kamalayan yungkol ditto. Ngunit, gayon man, pinatutunayan ng agham at ng Salita ng Diyos na naroroon kana sa iyong ama noon, ngunit wala ka pang anumang kamalayan tungkol dito.

Datapuwat ninasa ng ama mo ang makilala ka. At sa pamamagitan ng pakikipag ugnayang pakikipag-isa sa iyong ina, ay naipakilala ka sa iyong ama. Ngayon, isa ka nang katangian ng iyong ama. Kamukha mo siya, at may mga bahagi ka sa iyong katawan na kahawig ng iyong ama. 52 Ngayon, ganoon ang Diyos sa pasimula, Bawat anak na lalaki ng Diyos, at bawat anak na babae ng Diyos ay nasa Diyos na sa pasimula. Hindi mo na iyon naaalala ngayon, ngunit naroroon ka na. Alam Niya iyon. At nais Niyang lumitaw ka, nang sa gayon ay makaniig, makausap at magawa ka Niyang mahalin, at makamayan ka Niya.

31 Ayaw ba ninyo na ang sarili ninyong anak … hindi ba isang napakagandang araw kung uuwi ang iyong anak na lalaki at uupo sa iyong mesa? Kapag siya'y umuwi na mula sa pakikipag baka, o anumang gaya no'n, may mga pilat; gaano mo siya ipaghahanda sa hapunan; kakatayin mo ang pinatabang baka, o anuman iyon, at ipaghahanda siya! Sarili mo iyong laman at dugo, at siya noon ay nasa iyo. Hindi mo pa siya kilala noon, ngunit alam mong naroroon siya.

32 Kaya't alam ng Diyos na Siya ay paparito, datapuwat inilagay Niya tayo sa laman upang kaniya tayo'y makaniig. Upang magawa Niya tayong makaniig, naging isa Siya sa atin nang Siya ay maging si Jesus Cristo, ang mismong Anak ng Diyos, ang kapuspusan ng kapahayagan ng Diyos. Kung gayon, iyon ang layunin ng Diyos, ang ipakita ang Kaniyang katangian sa pamamgitan ng pakikisama. 55 Nang ako ay naroroon pa sa aking ama, wala akong kamalayan tungkol doon. Ngunit nang ako ay maging anak niya at maisilang na, isa akong katangian, bahagi ng aking ama. At bahagi ka ng iyong ama. 56 At bilang mga

anak ng Diyos, tayo ay bahagi ng katangian ng Diyos na nasa kaniya, ginawang laman gaya ng Siya ay naging laman, upang magkaroon tayo ng pakikisama sa isa't-isa, bilang pamilya ng Diyos sa ibabaw ng lupa. At iyon ang layunin ng Diyos sa pasimula. Opo. Iyon ang nais ng Diyos sa pasimula. 57 Lahat ng bagay ay nasa ilalim ng Kaniyang pamamahala. At inilagay Niya ang tao sa halamanan ng Eden, na may kalayaang mamili; ang sabi, "Anak, iyo na ito."

33 Anong gandang lugar niyon! Ang Diyos ay lubos na nasiyahan, hanggang sa siya ay tumigil at namahinga sa lahat ng Kaniyang paggawa. Wala roong punong may tinik at dawag. Walang berry na ibinubunga ng punong may tinik.

Lahat ng bagay ay sakdal. Lahat ng binhi ay sakdal. Lahat ng bagay ay nasa sakdal na kalagayan. 59 At nang mamahinga siya ng kaunti, buong kadayaang sumingit ang kaaway Niya, at kinuha niya ang pamamahala, sa pamamagitan ng pagbibigay ng maling unawa sa Kaniyang palatuntunan sa Kaniyang mga anak. Nang, pagtiwalaan Niya ang kaniyang sariling anak; gaya ng pagtitwala mo sa iyong anak na babae kung siya ay lalabas sa gabi kasama ng isang lalaki; kung pagtitiwalaan mo ang iyong anak na lalaki kung kailangan niyang sumama sa isang binatang naglalasing, o kaya'y sa isang binatang naninigarilyo. Kita n'yo, nagtiwala Siya sa kaniyang anak, na hindi siya gagawa ng anumang bagay na mali, at susunod siya sa bawat salitang Kaniyang ipinangusap. Datapuwat, sumingit ang kaaway, gaya ng isang binatang makapal ang pamada na maglalabas sa iyong anak na babae at gagawa siya ng hindi mabuti; o—o gaya ng isang babae na sasamang lumabas sa iyong anak na lalaki, at gayon din ang gagawin. Kita n'yo, sumingit siya, Sumingit ang kaaway ng Diyos at minali ang kahulugan ng salita kay Eva.

34 Ngayon, siya, dahil sa pagkalugmok na ito, kinuha niya ang pamamahala at inangkin niya para sa kaniyang sarili ang halamanan ng Eden. Siya na ang namahala roon. At ngayon ay nagkaroon na siya ng anim na libong taon ng mapandayang pamamahala; dinadaya ang mga tao, ang mga anak ng Diyos, gaya ng ginawa niya noon. Sapagkat mayroon silang kalayaang mamili, upang makakilos sila ayon sa nais nila. At dahil sa pinawalang tama ang ikikilos nila, o dahil sa nagtiwala Diya na kikilos sila ng tama, nang magkagayon ay humantong sa maling gawa, at ipinagbili ang kanilang pagkapanganay, gaya ng ginawa ni Esau, para sa sanlibutan. At napagwagian iyon ni Satanas, at siya na ang namahala roon. At sa loob ng anim na libong taon ay binuo niya ang kaniyang Eden, gaya ng sa loob ng anim na libong taon ay tinapos ng Diyos ang kaniyang Eden. At sa pamamagitan ng pandaraya ng salita, o sa bayan, ngayon ay itinatag niya ang sarili niyang Eden sa lupang ito, sa kasalanan.

35 Ang Eden ng Diyos ay natatag sa katuwiran. Ang Eden ni Satanas ay natatag sa kasalanan, sapagkat si Satanas ay ksalanan. Ang Diyos ay katuwiran, at kapayapaan, at Buhay. At ang pagkakatatag ni Satanas ay batay sa kasalanan, at Buhay. At ang pagkakatatag ni Satanas ay batay sa kasalanan, at makarelihiyong kasalanan. 62 Pansinin ninyo kung paano siya nandaya, ang kaniyang pandaraya, gaya ng sinabi niyang kanyang gagawin. Ipinangako niyang gawin iyon. Mayroon ba sa nyong nakakaalam niyan? Bumuklat tayo sa Isias, kung nais ninyo ang ilan sa mga kasulatang ito. Kung inyong … dapat kong sipiin ang marami sa mga ito, sa palagay ko. Sumandali tayong bumuklat sa Isias, sa kabanatang 14,

at tingnan natin kung ano ang sinasabi ni Satanas dito, sandali lang. Sa Isias 14, babasahin natin ito sa ika-12 talata: Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! Paano ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa!

At sinabi mo sa itong sarili, ako'y sasampa sa langit aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin (iyon ay mga anak), mga bituin ng Diyos: at ako ay uupo sa bundok ng kapisanan … bahagi ng hilagaan:

Ako'y sasampa sa itaas ng kaitaasan ng mg alapaap: ako'y magigimg gaya ng Kataastaasan.

36 Ngayon ay ihambing natin iyan sa iba nating mga kasulatan dito sa Mga Tesalonica, kanina, kung paano sinabi niya, "Siya'y nauupo sa templo ng Diyos, na itinatanyag ang kaniyang sarili sa lahat ng bagay na tinatawag na Diyos, upang siya bilang Diyos sa ibabaw ng lupa." 64 Hayun ang Diyos ng sanlibutang ito na ipinangaral ko sa inyo noong nakaraang Linggo. Naririto siya ngayon sa kaniyang kadayaan, ang mapanlinlang na oras na ito, ang nakatatakot na panahong ito na ating kinabubuhayan. Ito ang pinaka maluwalhating panahon sa lahat ng kapanahunan, dahil nahaharap na naman tayo sa dakilang milenyum; nahaharap nanaman tayo sa Eden. Ngunit sa kapanahunan ding ito, lahat ng kadayaan, bawat paraang nagamit na niya, at matagumpay niyang nagamit sa pandaraya, inipon niyang lahat ang mga iyon at pinalakas ang kaniyang sarili; at bumaba iyang tulad ng Diyos, at inilagay ang sarili niya sa lugar ng Diyos; relihiyoso, at magagawa niyang sipiin ang kasulatan at makapagsasabi sa iyo ng kasulatan, gaya ng ginawa ni Satanas kay Eva sa halamanan ng Eden. Ngunit ang laktawan ang isang bahagi nito, ang tangi niyang magagawa, ang gumawa ng puwang, kung saan ang nakakalasong aral ng diablo ay maaring lumusot, gaya ng panala ng isang lalaking nag-iisip, na pinag-uusapan natin noong isang gabi.

37 Ngayon, ang sabi niya ay itataas niya ang kaniyang sarili at itaas ng kataas-taasan; sasampa siya sa itaas ng mga alapaap at mga bituin, at uupo siya roong tulad ng Diyos, at magiging higit na mataas kaysa sa kataas- taasan. At siya'y nanagumpays a pagsasakatuparan ng kaniyang mga banta. Totoong naging matagunpay siya sa pagsasakatuparan ng kaniyang mga banta, sa pamamagitan ng mga tao, na pumapayag na ilihis niya ang paliwanag, sa bawat kapanahunan, ng kahalagahan ng naipangakong salita ng Diyos sa kapanahunang iyon. Ganiyan nga niya ito isinagawa. Sa bawat kapanahunan, inilihis niya ang paliwanag ukol dito.

38 Sa mga kaarawan ni Noe, ipinaliwanag niya na imposibleng bumuhos ang ulan mula sa langit, dahil, “walang ulan doon.” Ang kanyang dakilang makaagham na ebanghelyo na ipinangaral niya sa halamanan ng Eden! Magagawa niyang silipin ang buwan sa pamamagitan ng kanyang mga instrumento at patunayan na walang halumigmig doon. Ngunit sinabi ng Diyos na uulan. Ngunit nagtagumpay si Satanas, at nilason niya ang kaisipan ng mga tao, sa pamamagitan ng maka-agham na pananaliksik , na, “hindi iyon maaaring mangyari.” Ngunit nangyari iyon. Sinabi ng Diyos na iyon ay maaaring mangyari.“ Ngunit nangyari iyon. Sinabi ng Diyos na mangyayari iyon, at nangyari nga. Pinangyari Niya iyon

39 Ngayon, Sa mga kaarawan ni - Jesus, ganoon din ang ginawa niya. Nilason niyang muli ang kanilang mga kaisipan sa pamamagitan ng pandaraya, kita n'yo, minamali ang kahulugan ng salita. “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ngayon ay ipakita Mo sa Akin na may magagawa Ka tungkol dito.” 68 Hindi nakipagbiruan si Jesus sa kaniya. Kailanman ay hindi Niya iyon ginawa. Ang Diyos ay hindi isang payaso. Hindi Niya kailangang sagutin ang anumang nais itanong sa Kaniya ni Satanas. Ang tangi Niyang …Ang sabi ni Jesus, “ Nasusulat, 'Hindi ka dapat mabuhay … Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, Kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”' Kita n'yo. Hindi niya kailangang makipagbiruan sa kaniya. Hindi Niya kinakailangang gumawa ng tinapay. Magagawa Niya iyon, Ngunit matagal na Niyang pinakikinggan ang diyablo, kaya hindi na Niya kailangang makinig sa Diyablo.

40 At muli ay relihiyosong kasalanan iyon, gaya ng sa pasimula, napakadaya. Masdan n'yo ito ngayon. Hindi iyon lantarang pang araw-araw na kasalanan, gaya ng pakikiapid, at pagalalasing, at paggamit ng pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan. Hindi iyon'yon. Hindi. 70 Naalala pa ba ninyo maraming taon na nakalilipas, marami sa inyo rito, na mga datihan, ang nakakaalala sa sermong ipinangaral ko, tungkol sa, Mga Kabiguan sa Araw ng Paghuhukom. Ang patutot, Hindi siya mabibigo roon. Alam na niya kung saan saya tutungo. Ang maglalasing ay hindi mabibigo roon. Ang manggagawa ng alak, ang sugarol, ang sinungaling, ang magnanakaw, hindi siya mabibigo roon. Ngunit, ang taong nag-aakala na tama siya, siya ang mabibigo roon. 71 Iyon ang isang iyon, magsasabi, paroroon at magsasabi, “Panginoon hindi ba't ako'y nangaral ng Ebanghelyo, hindi ba't nakapagpalayas ako ng mga diablo, sa Iyong Pangalan?”

41 Ang sabi ni Jesus, “MAgsilayo kayo sa … sa Akin, kayong mag manggagawa ng katampalasanan. Ni hindi Ko nga kayo nangakikilala.” Hayun ang kabiguan, Kita n'yo, ang kadataang iyon. 73 Iyan ang lagi kong … diyan ako hindi maunawaan. Hindi sa nais kong maiba. Ayaw kong maiba, ngunit kailangan kong maging tapat, mayroon akong mensahe, at kailangang makarating Iyon sa mga tao. Kaya iyan ang totoong hindi maunawaan ng mga tao. Ang akala nila ay laban ako sa lahat. Kung alam lang nila, nasa panig ako ng lahat, at ginagawa ko ang abot sa aking makakaya uapng maihatid sa kanila ang katotohanan, kung paanong ito'y nailagay sa aking puso at kung paano itong nailahad sa Biblia. At pinatutunayan ng Diyos na iyan ay katotohanan kaya wala nang maaari pang gawin tungkol dito. Kaya nasa kanila na kung titingnan nila Ito o hindi.

42 Kita n'yo, ayaw nila itong Makita, dahil nabili na sila, naipagbili na nila ang kanilang pagkapanganay sa kung anong organisasyon, sa kung anong denominsayon; ipang subukin nila ang kanilang pagkapanganay, upang sila ay makarating sa langit batay sa kung anong organisadong relihiyon, at si Satanas ang pinuno ng lahat ng ito. Kalian man ay hindi nagkaroon ang Diyos ng organisadong relihiyon, kalian man ay hindi. At nabibili sila niyaon, kung saan, ang isang lupon ng mga tao, ay nagpapaliwanag ng Salita at nagsasabi ng ganito ang ibig sabihin nito ay ganiyan ang ibig sabihin Nito. 75 Hindi nangangailangan ang Diyos ng tagapagpaliwanag. Siya ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Hindi Siya nangangailangan ng sinuman upang magsabi Sa Kaniya kung paano Niya dapat iyong gawin. Siya ay kataas-taasan. Sinabi Niya kung paano Niya iyon isasagaw, at gayon Niya dapat tuparin ang kaniyang salita. Nang sabihin Niya, “ang mga tandang ito ay magsisilakip sa mga sumasampalataya,” iyon talaga ang gusto Niyang sabihin. Anumang sabihin Niya ay magaganap, sinabi Niyang magaganap sa mga huling araw na ito, na gagawa Siya ng bagay-bagay, at gumawa nga Siya. Hindi na Niya kailangan pang magtanong Kung kanino, kung oras na ba o hindi pa. Alam Niya kung anong oras na, at kung anong oras ang plano.

43 Ngayon si Satanas, ang mandarayang ito, gaya ng ipinangusap sa Mateo 24:24, taglay ang napakaraming kadayaan. Ngayon, makikita natin sa pamamagitan ng Kaniyang mga palatuntunang pang-ebanghelyo ng kaalaman, mas mainam na edukasyon, mas mataas na asal, kabihasnan at iba pa, ay nagayuma nag iba pang nais mag lingcod sa Diyos, na maniwala sa kaniyang

kasinungalingan. [Kumatok si Brother Branham sa pulpito ng apat na beses - Ed.] 77 Ayaw ni Evang

gawin iyon, ngunit ipinakita niya sa kaniya na may mas higit na karunungang naka paloob doon. Hindi niya alam;nais niyang malaman. Hindi niya maunawaan, ngunit nais niyang maunawaan.At sinabi sa kaniya ng Diyos huwag na niyang subukang unawain. 78 Paano kong mauunawaan ang alin man sa mga bagay na ito? Hindi ko magagawang unawain ang mga ito. Sinasampalatayanan ko ang mga ito. Hindi ko na kailangang unawain ang mga ito.Ang Diyos ay pananampalataya, at hindi pag-unawa. Sinasampalatayanan lang natin kung ano ang sinabi Niya,

44 Ngayon, ihambing ninyo ang Eden ng Diyos sa Eden ni Satanas ngayon, makaraan ang anim na libong taon ng pambabaluktot ng tunay na pagpapaliwanag ng ipinangakong Salita ng Diyos sa Kapanahunang ito.Paghambingin natin ito ngayon, at tingnan natin kung ano ang makikita natin. Gaya ng ginawa Niay sa iglesia sa - sa panaho ni Cristo, kay Jesus, pinipilit na ilayo - ilayo ang mga matatapat na anak ng Diyos sa pagkakaalam ng katotohanan. Iyon ay ang sa Diyos. Nilagay ng Diyos ang Kaniyang mga anak ditto, ang Kaniyang mga katangian, upang makisama sa kaniya sa pamamagotan ng pakikinig ng kaniyang salita.

45 Ano kaya kung sinabi sayo ng ama mo, at ikaw ay isang matapat na anak sa iyong ama, at sinabi niya sa iyo, "Anak huwag kang pupunta sa tubig na iyon, upang maglangoy, dahil may mga, Buwaya roon." Ay pagkatapos ay mayroong isang daeating at magsasabi, "Aba naman, sa tubig na ganiyang kaganda, walang buwaya riyan"? Ngayon kanino ka makikinig? Kung ikaw au isang tunay na anak, makikinig ka sa iyong ama. [Kumatok ng dalawang beses si Brother Branham -Ed.] 81 At ang isang tunay na anak na lalaki o anak na babae ng Diyos ay makikinig muna sa salita ng Diyos. Kahit pa ano ang sabihin ninuman tungkol dito, mas paniniwalan nila ang salita ng Diyos. "May lason sa mangkok," at paniniwalaan nila iyon. 82 Taglay ang pananampalataya sa lahat ng Kaniyang Salita, ang Kaniyang mag Binhi, ay nagpalitaw ng isang Eden ng kabanalan, pag-ibig, at Buhay na Walang Hanggan. Iyon ang ibinunga ng Eden ng Diyos, Kabanalan, ng pagibig, pag-uunawaan, Kasakdalan at Buhay na Walang Hanggan. Iyon ang itinanim ng Diyos, ang Kaniyang salita, ang Kaniyang Binhi. Iyon ang kalalabasan ng Kaniyang Iglesia sa huli; magiging gayon din Iyon.

46 Pansinin, naririto ang isang kaisipan. Huwag ninyo itong kalilimutan. Tatalakayin ko ito sa ibang pagkakataon o sa ibang mensahe. Ngunit alam

n'yo, sinabi ng Diyos, "mamunga nawa ang bawat binhi ayon sa kaniyang uri." Iyon ba ang utos ng Diyos? Ngayon ano ang pakinabang ng sinumang mangangaral o sinumang iba pa, na magtatangkang ibahin ang kahulugan ng Salita? Kita n'yo, bawat salita ng Diyos ay isang Binhi. Sinabi iyan ni Jesus, "Ang binhing inihasik ng manghahasik." Kaya kung ang Marcos 16 ay salita ng Diyos, mamumunga ito ayon sa kanyang uri. Kung ang Malakias 4 ay salita ng Diyos, mamumunga ito ng ayon sa kanyang uri. At lahat ng iba pang pangako ay dapat magbunga ng ayon sa kaniyang uri.

47 Kita n'yo, nakikita ba ninyo si Satanas ditto na nagpapanggap? Iginigiit niya na. "Hindi ganiyan,hindi ganiyan iyan." Nauunawaan ba ninyo? [Ang kongregasyon, "Amen."-Ed] Kita n'yo, ang sabi ni Satanas, "O, hindi iyan para sa araw na ito. Iyan—iya'y … iyan ay para sa ibang panahon. Iyan,ni hindi nag ganyan ang kahulugan niya." 85 "Bawat binhi ay dapat mamunga ayon sa kaniyang uri." Ganiyan itinatag ng Diyos ang kaniyang Eden. Tama ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsabi,"Amen."-Ed] At naririto, ganiyan itinatag ng Diyos ang kaniyang Iglesia, bawat Salita ay ayon sa uri Nito! "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao,kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos, "Bawat bibhi ayon sa uri nito." 86 Kapag sinabi ng pangako, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga sumsampalataya," 87 Ngayon sinasabi ng iglesia, "Sumapi kayo sa iglesia.Bigkasin ninyo ang kredo nito. Alamin ninyo ang Katekismo," Walang mag ganiyang bagay sa kabuuan ng Biblia. 88 Ngunit angs sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga sumasampalataya: magpapalays sila ng mga demonyosa Aking Panaglan; magsasalita sila ng mga bagong wika; kung sila'y magsisihawak sa ahas o makaiinom ng mga bagay na nakakalason, hindi makasasama ang mga iyon sa kanila; kapag ipinatong nila ang kanilang mga kamay a maysakit, sila'y magsisigaling." Sino bang tao nag makatatanggi Diyan? Kita n'yo?

48 "Ang bawat binhi ay mamumunga ng ayon sa uri nito." Kung ikaw ay isang binhi ng Diyos, isang katangian, isang anak ng Diyos, kung gayon ang Salita ng Diyos ay inihasik sa iyo. Kita n'yo. At kapag narinig mo ang Salita ng Diyos, "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig; hindi sila magsisisunod sa iba." Nakuha n'yo ba? "Kung gayon ang bawat binhi ay namumunga ng ayon sa uri nito."

49 Ngayon makikita natin, na ang bawat binhi ay namumunga ng ayon sa uri nito, walang anumang kamatayan sa bagong … sa Eden an iyon. Hindi

magkakroon ng anumang kamatayan sa bagong Eden. Kita n'yo, Walang anumang iba pa roon maliban sa kabanalan, kadalisayan, at Buhay na Walang Hanggan. 91 Ngayon, ang di-pananampalataya sa buang Salita ng Diyos, ang nagdala ng binhi ng karumihan sa Eden ni Satanas. Pumapasok na tayo ngayon sa panahong Kinukuha na ni Satanas ang trono, bilang anticristo, sa isang—sa isang Eden ng mundong ito, isang Eden ng kasalanan at baluktot na relihiyon. Hindi siya nagsimula sa pagsasabing, "Ako si Satanas. Ako ang dakilang anghel." Hindi siya nagsimula roon, kundi sa pambabaluktot sa SAlita ng Diyos! At

ganoon niya dinala ang kanyang kaharian, sa bawat kapanahunan. At ngayon sa lubhang napaka dayang kapanahunang ito, handa na niyang kunin ang kaniyang trono, sa pamamagitan ng kaniyang bayan! Nagtayo siya ng para sa kaniyang sarili ng isang intelektuwal, edukado at maka-agham na Eden; tama, mga maka agham na mangangaral, mga maka-aghan na iglesia, mga maka-agham na teolohiya, ang lahat ay pawng maka-agham. Ang lahat ay nakabatay sa kaalaman. Ang buong iglesia ay itinatag sa kaalaman. Hindi ito itinatag sa pananampalataya.

50 Minsan pumasok ako sa simbahan ng isang lalaki upang magdaos ng isang pagtitipon. Iyon ay isang malaking Auditoryum sag awing kanluran. Siya ay isang mabuting tao, subalit itinatanggi niya ang mga bagay na ito na ating pinag-uusapan. Ngunit gayon man, siya ay … Gusto ko siya; mabuti siyang tao, isang matandang lalaki. Nang lumabas ang kanyang kongregasyon … naglalaman iyon ng mga anim na libong tao. Nang lumabs ang kanyang kongregasyon, sa panghapong Gawain, sila'y nsa mga isang libo't limang daan, sila'y pawang mga intelektuwal na magagara-manamit. Umupo ako roon at pinagmasdan ko sila. 93 Nangaral ang isang lalaki ng isang napaka ganang sermon. At pagkatapos ay nagtanong siya kung may sinumang nais na tumanggap kay Cristo; na itaas lang niya ang kanilang mga kamay. At walang nagtaas ng kanilang mga kamay. At sa wakes ay may babaeng nagtaas ng Kaniyang kamay. Ang sabi niya. "Mabuti, ngayon ika'y isang Cristiani na," at hinanda siya para mabautismuhan. At nang siya'y lumabas … Nag-alay siya ng isang sanggol, hinalikan niya ang munting sanggol at ipinanalangin ito at pinauwi ang mga nakikinig.

51 Nang lumabas ang kaniyang kongregasyon; lahat ay pawang mahuhusay, matatalino at mga may pinag-aralang tao. Noon ay nakatayo ako sa isang tabi, at kinamayan ko ang lalaking iyon at sinabi ko sa kaniyang pagpalain siya ng Diyos habang siya'y papalabas.

At pagkatapos niyon, pumasok naman nag aking kongregasyon. Hindi nila sila mapapasok habang naroroon pa ang kongregasyon niya sa loob. Narito't dumating naman ang kongregasyon ko, na mga naka-wheel chair, mga nasa stretcher, mganaka straight jacket, mga taong baliw at lahat ng iba pa. Nakikita n'yo ba ang kaibahan? Iyon'iyon. Iyon ang mga bagay na sinasabi ko. Kita n'yo. Kita n'yo, ito'y isang bagay na kakaiba.

52 Kapag, sa pamamagitan ng maka-agham na kaalaman ay nakakagawa kayo ng isang nakauunawang ebanghelyo, na kayo ay, "Ang sumasampalataya kay Jesus Cristo ay hindi hahtulan," kita n'yo. 97 Ngunit, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga sumasampalataya," kita n'yo, hindi niya naisingit Iyon doon, kita n'yo. Sumasampaltaya siya kay Jesus Cristo, Siya ay naligtas, kung ang mgas tandang ito ay lalakip sa mananampalataya. 98 "At siya na dumirinig ng aking salita," hindi lamang nagkukunwari, hindi lamang nakikinig sa kanyang tainga, kundi "nakauunawa Nito." Ang sinuman ay maaaring makarinig Nito; maari itong marinig ng isang patotot at manatili siyang isang patotot; kita n'yo maaari itong marinig ng isang manlalasing; maaari itong marinig ng isang sinungaling at manatili siyang isang sinungaling. Ngunit, "siya an nakauunawa ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan." Amen. Hayan na kayo, kita n'yo. 99 At walang sinumang maaarin g makagawa niyon malibang siya'y itinalaga ng Diyos. Sinabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin, malibang palapitin siya sa Akin ng Ama." Amen. Ang lahat ng ito ay nakasalig sa kataas-taasang kapasiyahan at paunang kaalaman ng Diyos. Namumuhay siyang mag isa at walang sinumang makapagsasabi sa Kaniya kung ano ang dapatr Niyang gawin.

53 Ngayon, ang di-pananampalataya, ang hindi pagtanggap sa buong Salita ng Diyos, ang nagdala ng binhi ng di-pananampalataya, karumihan, makasalanan, poot, at Walang Hanggang Kamatayan sa makasalanan, at intelektuwal na kapanahunan ng iglesiang ito. Nakukuha na ba ninyo ito ngayon? Sa araw na ito, kung kailan ang buang sanlibutan ay maka-relihiyon! Alam n'yo ba iyon? Ang buong sanlibutan ay maka-relihiyon. At sa makarelihiyong kapanahunang ito, bawat sulok ay may naglalakihang simbahan; ang bawat bagay, ang lahat ay nauuwi sa pagsamba kay atanas. Naririto iyon, ditto mismo sa Biblia. Tama iyan. At sa intelektuwal, teolohikal na seminaryong ito na ang ibinunga ay isang taong intelektuwal na sinanay sa pananalita, kung ano ang dapat gawin, at kung paanong gumawa ng kanilang emosyon; at ang lahat ng bagay na tulad ng sikolohiya, sa loob ng tatlo o apat

na taon, upang malaman kung paanong harapin ang kaisipan ng isang tao. Kita n'yo, ito'y… 101 Ang Espirito ng Diyos ay hindi isang bagay na kailangan mong pag-aralan Ito'y isang bagay na naitalaga sa iyo, ng kamay ng Diyos na makapangyarihan sa lahat. Hindi maarinfg pag-aralan o ituro sa iyo ang iyong mga karanasan. Ito ay itinalaga, ng kamay ng Diyos at ng paunang kaalaman nh Diyos, sa iyo. Tama'yan.

54 Ngayon, pinalitaw nito ang dakilang Eden na ito na kanila ngayong kinabubuhayan, ang Eden ng iglesia ng sanlibutan. Lahat sila ngayon ay nagkakaisa sa na sa dakilang Konsehong Ekumenikal, at bubuo sila ng pandaigdigang iglesia sa ilalim ng pamumuno ng isang pinuno. Kung saan ay lulukob si Satanas, nang akmang-akma. 103 At nagaganap na ang huling pagtawag, upang agawin ang Nobya bago pa siya mapabilang doon. Dahil sa sandaling mapabilabg siya roon, natanggap na niya ang tatak ng hayop, at nakatakda ng mapahamak, hindi na siya makalalabas doon. Iyan ang dahilan, na nag sabi, "Magsilabas kayo sa kanila, bayan kop," bago pa ito maparoon sa kaniya, kita n'yo. "Magsilabas kayo sa kanila, at

magsihiwalay kayo."

55 Ngayon, ang galit at kamatayan, at Walang Hanggang pagkahiwalay sa Diyos sa Eden na ito; ang pita, ng karumihan, ang kabaluktutan (paano?) sa pamamagitan ng paghahasik ng maling binhi. 105 Naaalala ko tuloy ang pangitaing nakita ko bago ko makatagpo ang mga Pentecostal, tungkol sa isang lalaki na lumilibot sa bvuong mundo, nakaputi.Nrinig na ninyong isinaysay ko ito ng maraming ulit. At mayroong isang sumunod sa kaniya, na naghahasik naman ng kaguluhan. 106 Ngunit lumalabs na nanalo siya, kay Eva … Sa halamanan ng Eden, sa pamamagitan ng pia ni Eva sa kasalanan; ang pita kay Eva, ng kasalanan. Kung magkagayon, kung nagnasa si Eva ng kaalaman, iyon ay kasalanan. [Kumatok ng tatlong beses sa pulpito sa Brother Branham -Ed.] 107 At kapag naghahangad tayo ng kaalaman, nagnanasa ng Ph.D., LL.D., ksalanan iyon. Matitigas na pangungusap iyan, ngunit iayn ang katotohanan. Kahit pa gaano iyan katigas, katotohanan parin iyan, kita n'yo. Ang maghangad ng kaalaman, ng kaunawaan! 108 Ang totoo, ang problema natin ngayon, hin di natin pinagtitibay ang Salita ng Diyos sa puso ng mga tao. Ang pinagtitibay natin ay ang mga sarili natin. Nagsisikap ang mga iglesia na pagtibayin ang doktrina ng iglesia, sa puso ng tao.

Ang utos sa atin ay ang pagtibayin abd Salita ng Diyos. Ang sabi ni Pablo, "Hindi ako napariyan sa inyo na may mapanghikayat na mga salita ng tao, upang ang inyong pananampalataya ay hindi masalig sa karunungan ng tao; datapuwat napaririyan ako sa inyo sa kapangyarihan; sa pagmamalas ng Espirito Santo, uapng ang inyong pananampalataya ay masalig sa Diyos." Hayan.

56 Hindi dapat pagtibayin ng tao nag sarili niya. Makikita natin ito sa mga … Hayaan mong gumawa ng isang bagay ang Diyos sa isang tao at isugo siya, makikita mo na lahat ng tao ay pilit na magsisigaya rito, "Ginawa ko ito. Ako, ako, ang akin, ang denominasyon ko, ako, ito," pinagtitibay ang sarili nila. Ano ba ang ipinangangaral natin, ang sarili natin o ang Kaharian ng Diyos? 111 Pagtibayin natin ang salita ng Diyos. Alisin natin ang lawalan ng pananampalataya at pagtibayin natin ang Kaharian ng Diyos sa puso ng tao. At ang kaharian ng Diyos ay hindi maaaring mapagtibay sa puso ng tao malibang ang Diyos ang gumawa noon sa kaniya. Hindi siya maaaring magtibay sa isang … 112 At, alalahanin, ang nakadadayang bahagi, ay ang akala ng taong tama siya. "May daan na tila matuwid sa tao." Bawat taong intelektuwal ay tila baga tama.

57 Gaya ng sinabi ko sa inyo ilang linggo na ang nakararaan; nang tumayo ako sa tabi ng anak kong naghihingalo, at naroroon din si Satanas at ang sabi, "Naroon ang ama mo, namatay siya sa iyong mga bisig noong isang gabi. Naroon ang asawa mo, nakahimlay doon sa—sa morge, at heto naman ang iyong anak na malapit ng mamatay. At hiniling mo na sagutin ka Niya, at isinara Niya … pinagsarhan ka Niya, Ngayon, gayon ma'y isa siyang mabuting Diyos, at ang sabi mo ay isa Siayng tagapagpagaling. At ikaw, na naninindigan sa kung ano ang sinasabi mong tama, nagkakamali ka." O, bawat pangangatwiran, bawat pag-iisip ay kailangan sumang-ayon sa tama iyon; at tama nga siya, hanggang sa puntong iyon. 114 Tama rin naman siya ng sabihin niya kay Eva, "Mamumulat ang iyong mga mata, at malalaman mo ang tama at mali. At magiging aktulad ka ng mga diyos, sa gayong paraan, nakaaalam ng tama ta mali," sapagkat noon ay hindi pa ipinakikita ng Diyos sa kanila ang sarili nila, na sila'y hubad. Kaya't alam nilang malalaman nila kung ano ang tama at mali; at tama siya. Ngunit, kita n'yo, salungat iyon sa salita ng Diyos.

58 At gayon din naman ang mga ministro sa mga seminaryo, at nag-aaral ng mga teolohiyang gawa ng tao; tila baga tama iyon, maaaring isa iyong magandang pagkaunawa ng bagay na iyon, subalit iyon ay mali.

Hindi na natin kailangan unawain Ito. Pinaniniwalaan na natin ito dahil sinabi ng Diyos na gayon nga ito at tapos na iyon magpakailan man. Ang kabuuan nito, ganiyan dapat natin itong paniwalaan. 117 O, gayon na lamang ang pagnanasa ni Eva na magkaroon ng Ph.D., kiat n'yo gayon na lamang ang pagnanasa niyang maging mas matalino kaysa dati!

59 Pansinin ninyo kung gaano sila magkatulad, ang lalaki at ang kaniyang asawang babae … Ngayon ay pansinin, ang lalaki at ang kaniyang asawang babae, kapuwa ila hubad sa halamanan ng Eden, ang Eden ng Diyos. 119 Ngayon ay magwawakas na ako. Ang sabi ko ay ilang minuto lang ako mangungusap. Tingnan n'yo, pagmasdan ninyo ngayon, sa ating pagwawakas. 120 Ihambing n'yo ito ngayon, kung gaano magkatulad ang lalaking iyon at ang kaniyang asawa. Kapuwa sila nasa Eden ng Diyos, na walang saplot na kahit kaunti, at hindi nila iyon nalalaman. Bakit hindi nila iyon nlalaman? Sapagkat sila ay nalalambungan sa kanilang mga pandama ng kahubaran, ng Banal na Lambong, ng Espirito Santo. Magagawa nilang tingnan ang isa't-isa, at hindi nila nalalaman na sila'y nakahubad. Nalalambungan sila ng Espiritu Santo, ng kabanalan. Nalalambungan sila.

60 Ang lambong ng Diyos, magpahanggang ngayon, magagawang tumingin at hindi magnasa. Iniiwas nila ang kanilang tingin. Iyon ay isang Banal na Lambong, kita n'yo, Banal na Lambong. Tinakpan ng Diyos ang kanilang mga mata … Kapuwa sila, ang isa ay lalaki at ang isa naman ay babae, at hindi nila alam na sila ay hubad, sapagkat ang Kabanalan ng Diyos ay lumalambong sa kanilang mga mata. Pansinin, itinago

ng Diyos ang kanilang kamalayan sa ksalanan, sa pamamagitan ng Banal na Lambong. 122 Sana ay mayroon pa tayong akunting panahon upang mailatag iyan, ilang minuto pa. Tingnan n'yo ito, "Sapagkat siya, ang mananambahan sa sandaling siya ay malinis," Mga taga Hebreo, "Ang mananambahan na minsan ng nalinis, ay wala nang kamalayan sa kasalanan." Ang kasalanan ay lumampas na sa kanila.

61 Narinig ko si Brother Neville na nagsabi, kaninang umaga; marahil ay may nagtatanong sa kaniya kung bakit hindi ako nangaral tungkol sa Espiritu Santo, bakit hin di ko ginawa ang ganito. Ito na iyon. Ang Espiritu Santo ang siyang kumikilos sa iyo.Ito ay isang buhay, hindi isang emosyon; hindi isang uri ng makalamang katibayan. Kundi ito'y isang persona, si Jesus Cristo, ang isang salita ng Diyos na napagtibay sa iyong puso, upang bigyang buhay ang bawat Salita ng Kapanahunang ito. Tama. Masdan ninyo ang Espiritu Santo na kumikilos, hindi lamang sa pagpapamalas ng kapangyarihan kundi, sa pagkilos, kung ano ang ikinikilos nito ayon sa Salita.

62 Pansinin n'yo ngayon ang Espiritu Santo, ang Banal na Salita ng Diyos, nagging dahilan upang ang isang lalaki at babae ay maging hubad, at hindi nila namamalayan. Napakaganda, ang Buhay ng SAlita; ang Binhi, ang Salita! 125 Ang sabi ng Diyos, "May isang punong kahoy sa gitna ng halamanan, ang babae. At sa gitna ng halamanan ay naroroon ang punong kahoy na ito; ni huwag mo itong hihipuin. Sapagkat, sa araw na kumain ka roon, sa arawq ding iyon ay mamamatay ka." Sila ay Banal na nalambungan ditto, hindi nila alam ang anumang tungkol doon, hindi sila nangangahas na hipuin iyon. 126 Sila ay Banal n analambungan. Sila ay ligtas sa kulandong ng Diyos.Sila noon ay buhay. Walang kamatayan sa palibot nila. Aleluia! [Minsang pumalakpak si Brother Branham-Eb] Mayroon sialng sakdal na pag-ibig, Sakdal na kaunawaan tungkol sa pag-ibig ng Diyos.Taglay nila ang Salita ng Diyos, at kanila Iyong tinutupad. At sila noon ay buhay at ligtas sa Eden ng Diyos, nang walang kamatayan sa buong paligid nila.

63 Pagkatapos noon, Nakuha ni Satanas na makinig si Eva sa kaniyang ebanghelyo ng teolohiya, sa ebanghelyo ng kaalaman, sa mas mataas na pagaaral, sa mas mataas na asal, mas mabuting sibilisasyon, mas mataas na edukasyon, at iba pa; at nang mabgawa niyang pahintuin siya upang makinig sa kaniya ng isang sandali, sa kaniyang mga pangangatuwiran (na ipinag-uutos sa atin na was akin natin), nang magawa niyang hikayatin siyang makinig dito. 128 "Ngayon, tingnan mo, ang iglesia ay ganoo't-ganito. Matagal na itong naitatag. Kami ay isa sa pinakamatandang iglesia sa bansa. Ang alkalde ay sa amin sumisimba." Hin di mahalaga sa akin kung anuman iyon, kita n'yo. Kung iyan ay laban sa salita ng Diyos, huwag n'yo iyang sang-ayunan. Kaaway ninyo iyan. Anumang laban sa salita ay kaaway n'yo 129 Lahat ng sumasang-ayon sa Salita ay kapatid ninyo. Bahagi n'yo siya.

64 Pansinin, inalis niya ang Banal na Lambong, upang Makita kung ano ba talaga ang ang sex; ihambing n'yo iyan, ano ba talaga ang magagawa ng pita. Inalis niya ang Lambong mula sa kaniyang mga mata, ang banal na bagay na itinakip ng Diyos sa kaniyang mga mata. Naghangad siya ng kaalaman, upang malaman niya kung ano ba talaga iyon. Kaya inalis niya ang Lambong uypang makita kung ano ba talaga iyon. Nakinig siya sa diablo, at pansinin kung saan siya dinala nito. 131 Ganoon din ang ginawa nial sa bawat kapanahunanna sumunod doon, sa tuwina ay pumapanig sila sa mga intelektuwal; at ngayon ay nakapag tayo na sial ng isang kaharian ni Satanas, ang kaalaman, ang hinasik niyang binhi, at kinuha ang sanlibutan upang maging Eden ng kamatayan.

65 Ngayon ay pansinin.Tingnan n'yo nagyon ang Apocalipsis 3, ang kapanahunan ng Iglesiang Laudecia.Pag-isipan ninyo ito. 133 Ngayon ay pansinin, Siya, si Eva, ay ang reyna ni Satanas. Kita n'yo, si Satanas, ang serpente, ay sumiping kay Eva bago pa siya sipingan ni Adan.Kita n'yo? Tama iyon. Kaya inakit niya siya. Kita n'yo; kaya si Satanas, ang serpente, ang unang naging asawa ni Eva bago pa malaman ni Adan. Kita n'yo, inakit niya siya. Ang Biblia ang nagsabing ginawa niya iyon, at noon niya nalamang hubad na pala siya, pagkatapos noon. Kita n'yo.

66 Ngayon tingnan n'yo ang—ang Kapanahunan ng Iglesiang Laodicea. Siya, si Eva ay nakaupo bilang reyna ni Satanas. "Siya ay mayaman sa mga makamundong mga bagay; bulag, hubad na naman, at hindi niya iyon nalalaman," katulad din noon sa Eden ng Diyos. Ngunit ngayon, hindi na dahil sa Banal na Lambong ay nakatakip sa kaniyang mukha, kundi dahil sa lambong ng pita. Na, inalis niya nag Banal na Lambong ng Diyos, at nagsuot siya ng isang Lambong ng kaalaman, para sa pita. At ngayon siya ay may isang lambong ng pita, na siya ay "bulag" sa katotohanan na iyon ay kasalanan. Siya ay "hubad" sa lansangan , "at hindi niya ito nalalaman." Siya ay isang patotot sa lansangan. Ang mga babaeng naka-syorts, sa paningin ng Diyos, ay patotot, "at hgindi nila ito nalalaman.

67 Pansinin, ihalimbawa natin an gating mga kababaihan. Ngayon kung gusto mong Makita ang kalagayan ng iglesia, masdan mo kung paano umaasta ang mga kababaihan. Siya sa tuwina ay kumakatawan sa iglesia. Sa Eden, ni Satanas, ng kaslanan at di-pananampalataya, isang maka-relihiyong kabaluktutan; kahariang baluktot. Sa halip na tanggapin ang Salita ng Diyos, tinanggap nila ang intelektuwal na pinag-aralan ng tao. At sa halip na tanggapin nag Iglesia, tinanggap nila ang organisasyon, at dinadala nila ito sa isang dakilang pinuno.

68 Ngayon ay pansinin, bialuktot siya mula sa pagiging inosente.Huwag ninyo itong palam pasin ngayon.Matagal ng nakatalukbong ang lambong ng pita ng iglesia. Pansinin nag idinulot nito sa kaniya. Ito'y—binaluktot siya nito mula sa pagiging inosente tungo sa pagiging maalam.Kita n'yo? Sa pamamagitan ng Banal na Lambong, siya noon ay inosente; sa pamamagitan ng lambong ng pita, siya ay naging maalam.Nalalaman niyang iyon ay kaayaaya. Nalalaman niya kung ano'ng nagagawa niyon, kita n'yo Iyon ay isang bunga, isang punong kahoy na maaaring hangarin upang maging pantas ang isang tao. Kita n'yo? Siya ay binaluktot mula sa pagiging inosente tungo sa kaalaman, mula sa kabanalan tungo sa karumihan at pita, at mula sa buhay tungo sa kamatayan.

Ang kahariang iito ay kailangang mamatay. Ang kahariang ito ay mamamatay! Wawaksan ito ng Diyos ng Langit sa balat ng lupa.

69 Pansinin, sa kabaluktutang ito, ang lalaki ay naging babae na at ang babae ay nagging lalaki, “at hindi nial ito nalalaman.” Isang tunay na bunga ng Eden ni Satanas, kung inyong pagmamasdan ang mga lansangan sa araw na ito, ang mga taong makabago.

70 Pansinin, si Eva ang ginamit ni Satanas upang magkasala si Adan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaniyang pita. Tulad din ngayon, ganoon din ang ginawa nila sa araw na ito. Pansinin, maikli ang buhok, naka make-up, naka damit ng kaakit-akit, kita n'yo, ginagawa niya iyon, at hindi niya nalalaman na nag lahat ng mga bagay na iyon ay salungat sa Salita ng Diyos.Pag ginupitan niya ang kaniyang buhok isa siyang babaeng walang galang, isang patotot. Pag nag-suot siya ng syorts, isa itong kahihiyan sa kaniya. Kung magsusuot siya ng nakakaakit na damit, magiging isa siyang patotot. “at hindi niya iyon nalalaman,” hindi dahil sa kabanalan ng Diyos; kundi dahil sa pita ni Satanas. Siya nag umakit sa kaniyang … Siya ang umakit kay Adan upang magnasa sa kaniya.

71 Hinubad niya ang mga danit na ibinihis sa kaniya ng Diyos, doon sa Eden, para sa kaniyang paglalakbay sa—sa ilang na ito. Hinubad niya ang mga iyon. Hinubaran niya nag sarili niya. Samantalang, binalutan ng Diyos ng mga balat ng hayop nag buo niyang katawan; pinasimulan niyang unti-unting hubarin ang mga iyon, ngayon ay nagbalik siya sa dati niyang anyo noong pasimula. 141 Ngayon ay napagsuot na niya nag kaniyang Adan ng kaniyang pang-ilalim na kasuotan. Ang isang lalaki na magsusuot ng isang korto na kung tingnan ay pangbinabae, at pagkatapos ay lalabas ditto, sa palagay ko'y gasinong pagkalalaki sa kaniya. Siya nag pinaka malaking binabaeng kilala ko. Kita n'yo, nahimok na niya ang kaniyang naliko nang Adan na kumilos na katulad niya, kita n'yo, isinusuot ang kaniyang kasuotang pang-ilalim. Nakita niya kung ano ang maaari niyang isagawa doon sa labas nang hubarin niyang lahat ng damit niya maliban sa kaniyang pang-ilalim. Iyon ay ang syorts. Ano pa't iyon ang damit pang-ilalim ng babae, at heto at suot-suot na iyon ng kaniyang Adan. At, ayon sa orihinal na Salita ng Diyos, “Karumaldumal para sa isang babae ang magsuot ng damit na nauukol sa lalaki, at sa isang lalaki na magsuot ng damit na nauukol sa babae,” mula sa orihinal na salita. Pag-isipan ninyo ito!

72 Ngayon nasa kaniya na rin ang bangs ng babae. Sinusuklay niya iyon ng pababa, nilalagyan iyon ng pagkulot. Iyan ang isa sa pinaka nakasusukang tanawin na nakita ko sa tanang buhay ko, ay ang mga kabataang kalalakihang naroroon sa labas ngayon na ang mga bangs nila ay inuklay ng pababang

paganito, at may kulay, kinukulayan ang buhok nila ng kung anong peroxide o anuman iyon, at nilalagyan iyon ng mga pangulot, nagba-bangs. Napakalaki mong binabae! Napakapangit sabihin niyan sa likod ng pulpito, ngunit ang kahatulan ay nagmumula sa tahanan ng Diyos. Ni hindi mo alam kung isa kang lalaki o babae. At naunawaan ko an gating Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos ay malapit nang magsuot ng syorts. Tama iyan. Nakikita ba ninyo kung anong kabaluktutan ito? Nakadamit pang-babae; naka-bangs ding katulad niya.

73 Noong isang araw ay naroon ako, sa Howard Johnson's; hindi ang naririto, kundi yaong isang naroroon sa kalsadang dinaraanan palabas. At naupo nalang ako roon sa pagkamangha. Dumating ang isang binata, nakanganga. At mayroon siyang maitim na buhok dito, at sinuklay niya iyon ng paganito; at naka-rollers siya, at kinulot niya iyon, sa kaniyang noo; nakasilip ang mga mata sa buhok na nakalaylay sa kaniyang noo, nakakulot. Kung hindi ba naman isang kabaluktutan iyon! Kita n'yo, hindi niya mapaniwalaan iyon. Marahil ay kaya niyang patunayan na isa siyang lalaki, ngunit sa kaniyang espiritu ay isa siyang babae. Hindi niya alamkung saang panig ng bahay siya kabilang. Tama iyan. Napakabaluktot. 144 Iyan ang ginagawa ni Satanas. Binabaluktot niya ng mga bansa. Binabaluktot niya ang iglesia. Binabaluktot niya ang mga tao. Isa siyang mandaraya, isang taga-baluktot ng orihinal na katotohanan. 145 Ginawa ng Diyos na laalki ang lalaki. Ginawa niyang babae ang babae. At binihisan Niya silang magkaiba, at nilayon Niyang sila'y manatiling gayon at kumilos nang gayon; ang isa ay pambabae, ang isa ay panlalaki. Hiniwalay Niya si Adan sa halamanan ng Eden, at ginawa Niya ito, hiniwalay niya si Eva sa Kaniya.

74 Ngayon naman ay naka bangs na siya; ang babae ay nagpapagupit ng katulad ng lalaki, at ang lalaki naman ay parang babae ang ayos ng buhok. Kita n'yo? Isinusuot ng babae ang panlabas na damit ng lalaki, at isinusuot naman ng lalaki ang panloob na damit nh babae. Ngayon, parang kalapastanganan

iyan kung pakikinggan, ngunit hindi ko sinasadya iyan. Iyan ang hindi mapasusubaliang Katotohanan ng Ebanghelyo. Kung hindi mo iyan alam, kung gayon ay may mali sa iyo; kung hindi ka bulag ay hindi ka pa nakalalabas sa mga lansangan. At ang akala ng babae at ang akala ng lalaki ay tama iyon, nagkakasundo sila. Ang sabi ng kababaihan, "buweno, napakainit!"

Mapapahiya kayop sa sarili ninyo kung makikita ninyo ang mga Apache Indian. Habang umiinit, lalo nilang dinadagdagan ang damit nila, upang huwag

silang masunog ng araw; o, para sila pagpawisan, nang sa gayon ay para silang may air condition pag lumalakad sila. Kita n'yo? Nagbibilad talaga sila sa araw.

75 Hindi kayo makatatagal; mamamaltos ang balat ninyo at masusunog. Ngunit, kita n'yo, iyan ang tinatawag ninyong mas mataas na edukasyon. Iyan ang ibinunga ng makabagong agham. Ay, naku! Hayun siya, "hubad," sa Laudicea, "at hindi niya iyon namamalayan." 149 Nakahubad siya sa Eden. Nakikita ba ninyong pareho ang dalawang kaharian? Ang isa ay sa kasalanan at kamatayan; ang isa naman ay sa Buhay at Katuwiran. Doon ay nalalambungan siya ng isang Banal na Lambong. Kauwa sila hubad; hindi nila iyon nalalaman. Wala silang kamuangan tungkol doon, sapagkat nalalambungan sila ng Espiritu ng Diyos. 150 At doon ay nalalambungan sila ng pita, at tinitingnan nila ang isa't-isa upang … Kita n'yo, nakatitingin si Adan kay Eva, at hindi niya nalalaman na siya ay hubad. Ngunit ngayon dahil sa lambong na pitang ito, hindi niya nalalaman na hubad na pala siya, ngunit ginagawa niya iyon sa silong ng lambong na pitang ito upang ang lalaki ay mapatingin sa kaniya. Iyon lang ang tanging dahilan upang gawin niya iyon. Hindi kayo naniniwala riyan, ngunit ginagawa ninyo,at tumutingin nga ang lalaki. At natuklasan niya na lubha kayong kaakit-akit, hanggang sa heto siya at isinusuot na rin ang ilan sa inyong mga kasuotan.

76 O, anong kabaluktutan! Anong kapanahunan! Anong panahon an gating … Gaao ito kadaya! Ang lahat ng mga bagay na ito, "at hindi ila nalalaman iyon," isang ganap na likong espiritu ang nasa lalaki. Nalalambungan siya ng pia ng Satanas, at gayon din naman nag babae. Ito'y isang makademonyong espiritu ng isang dakilang lipunan. Kita n'yo, hindi nila nalalaman, ngunit isa silang organisasyon. Mga kababaihang naka syorts, kabilang sa isang organisasyon. Mga kalalakihang nakasuot ng ganoon ay nasa organisasyon. Ibibigay ko sa inyo ang maikling anyo nito, ang B.S.S., Big Sister Society, diyan nga sila kabilang. Lalabas sila roon isang bid sissy society, nakasuot ng lumang pantaloon na tila maraming buhol, napakaruming tingnan. Ako—ako …

77 Mga kalalakihan, maaring iba nag pananaw ninyo rito, ngunit iyan ang katotohanan. Nailiko na kayo at hindi pa ninyo nalalaman. Hindi na kayo, hindi na lalaki ang kilos ninyo. Kita n'yo, lumalambot na kayo; at, ang anak nila, magiging balewala na iyon sa kanila; mga kalalakihan, at mga kababaihan din naman. Isa silang lipunan. Isa silang organisasyon. Bakit? "Si juan, na kapitbahay ko ay nagsusuot ng syorts, bakit ako hindi? Nais ni Luella na magsuot ako niyon dahil si Juan, na kapitbhay ko, ay nagsusuot niyon. At buweno, kung—kung nagagawa ni Susie Jane na mgsuot niyon, magagawa din

ni Martha Jane, o ni Susie Lou,‟ o anuman ang pangalan niya, kita n'yo. Kita n'yo isa itong samahan. Isa itong organisasyon. Sa espirituwal ay kabilang kayo rito, at hindi ninyo nalalaman.

78 At kung totoo iyan, at nakikita natin na totoo nga, kung gayon ay nangabulag na nga kayo. Nangabulag na kayo sa mga denomenasyong ito kung saan ay pinipilit kayo ni Satanas. At ito ang pangliliko ng orihinal na Salita ng Diyos, at ang Kaniyang Kaharian, at ng Kaniyang plano para sa Kaniyang mga anak. Pinipilit na ni Satanas ang kalalakihan at ang kababaihan tungo sa mga bagay na ito at hindi nila iyon nalalaman. Nailiko na! 154 Hindi na siya isang anak ng Diyos! Nakalaylay ang bangs sa kaniyang mukha, at naka-syorts, naglalakad sa lansangan; isang anak ng Diyos, diakuno sa isang iglesia, isang pastor sa pulpito? Hindi, hindi iyan isang Anak ng Diyos. Hindi siya dumaan sa Panalang kaisipan ng Diyos. Hindi niya magagawang magsuot ng kasuotang pambabae; tiyak na hindi; hindi rin naman magagawa ng babae ang magsuot ng kasuotang pambabae. Kita n'yo hindi iyan isang anak ng Diyos . Anak na lalaki iyan ni Satanas, at anak na babae iyan ni Satanas. Matigas na pananalita iyan!

79 Nagtagumpay si Satanas at pananakop sa sanlibutang ito, at ginawa niya itong kaharian; na inilagay ang tao rito, na may kalayaang mamili, upang pumili kung anong uri ng buhay a ng nais nila. At iyan ang nagpapakita kung ano ang laman ng puso mo. Kita n'yo? Ang tinig mo … Alam mo ba? Napakalakas mangusap ng kilos mo, nilulunod nito ang tinig mo. 156 Hayaan mong lapitan ko ang isang tao. At sasabihin niya, "O, ako'y … Cristiano tayong lahat. Kasapi tayo sa iglesia." At pagkatapos ay puro babaing nakahubad ang nakasabit sa palibot ng kaniyang opisina? Kahit ano pa ang sabihin niya sa akin, higit doon ang nalalaman ko; gayon ka rin naman. 157 Sasabihin ng babae na isa siyang Cristiano, samantalang maikli ang kaniyang buhok? A-ha! Higit diyan nag alam mo, kita n'yo. Opo. Hayaan mong sabihin niyang isa siyang Cristiano, samantalang puro pinta at make-up ang kaniyang mukha, at naka syorts, at pagkatapos ay sasabihin niyang isa siyang Cristiano? Higit diyan ang nalalaman mo. Higit diyan ang ituturo sa iyo ng Salita ng Diyos. Sinasabi ng Salita na hindi niya maaaring gawin iyon at maging isang Cristiano. Lalabas pa nga siyang walang galang, at lahat na. Paanong magagawa ng Diyos ang

maglagay ng isang bagay na walang galang sa Kaniyang kaharian? Hindi po, hinding-hindi. Hindi po. Sila na rin ang nagpapakita ng kanilang pagnanasa.

80 Hindi mo maaring pakainin ang isang kalapati kasama nag isang buwitre, hinding-hindi. Walang apdo ang kalapati. Hindi niya kayang kainin ang bulok

na karne. Kung kakain siya nito, ay ikamamatay niya, at alam niya iyon. Datapuwat kayang kainin ng isang buwitre ang halos lahat ng naisin niya. Kita n'yo? Malaki nag kaniyang apdo. 159 Kaya't makikita n'yo, ganyan din ang nangyayari sa sanlibutan ngayon, pareho rin, "Sila'y mga hubad, bulag , at hindi nila iyon nalalaman."

81 Nagawa iyon ni Satanas sa pamamagitan ng masidhing pagnanasa ng babae sa kaalaman, sa sex, napinili niya sa kaniyang sariling pamimili. Ngayon ay pansinin, si Eva ang umakay kay Adan sa mali, at ang babae ang naunang naghubad ng kaniyang damit bago pa hubarin ng kaniyang Adan ang damit niya. Kita n'yo? Ang babae iyon, sa tuwina. Lagging ganoon. Ganoon pa rin hanggang ngayon. 161 Ang iglesia ang nagliligaw sa lalaki. Ang iglesia, kita n'yo, ang nagliligaw sa isang lalaki na nais maging isang anak ng Diyos. Ang babae iyon, ang iglesia. Hindi ang Biblia, ang Diyos, sapagkat ang Biblia ay lalaki. O, siya nga, "Ang Salita ay nagkatawang tao," At Siya ay isang lalaki. Kita n'yo? Ang Biblia ay lalaki; ang iglesia ay babae. Kita n'yo? Hindi ang iglesia … Hindi ang Biblia ang nagliligaw sa tao. Ang iglesia ang nagliligaw sa kaniya. Ang iglesia ang kasama niyang naghubad, hindi ang Biblia. Kita n'yo? Talagang hindi. Sinabi sa kaniya ng Biblia na siya ay hubad. Opo. 162 Ngayon ay pansinin ninyo kung paano, sa pamamagitan ng sex, ng pagnanasa sa sex, ay naghangad ng kaalaman, upang malaman kung ano ito, at kung paano, kung mabuti ba ang bungang kahoy na iyon o hindi. At ginawa niya iyon.

82 Gayon man, babawiin iyon ng Diyos balang araw, sa pamamagitan ng isang lalaki. Isinuko iyon ng isang babae. Ngunit tinubos iyon ng isang lalaki; ang lalaki, na si Jesus Cristo, na siyang Salita. 164 At kung gayon ay ano ito? Pansinin, sa pagwawakas. Dito hindi pa katagalan, ay binitiwan ko ang pangungusap na ito. Mayroon pa akong mga apat o limang pahina dito, ngunit ako'y … ng mga Kasulatan mga bagay na nais kong tukuyin. Ngunit, makinig kayo. Magwakas tayo, sa mga pananalitang ito.

83 Alalahanin ninyo, dito hindi pa katagalan, nagturo ako sa inyo ng Pitong Pakakak, ang pista ng mga Pakakak, at iba pa. At ang sabi ko, "Mayroon pangwalong araw na kapistahan." Kaya ang ika-pitong araw ang panghuli, iyon ay sa Milenyum. Ngunit mayroong pangwalong araw na kapistahan; at, kung iyon ang pangwalo, at pito lang ang mga araw, ang ibig sabihin ay magiging unang araw nanaman iyon, babalik iyon sa unang araw. Kung magkagayon, pagkatapos ng Milenyum, ay mayroong muling maitatatag na

Eden. Mababawing muli ang Dakilang Kaharian ng Diyos. Sapagkat, nakipaglaban si Jesus kay Satanas sa harden ng Getsemane, at naipagwagi Niya ang Eden; at, pumaroon Siya upang maghanda sa Langit, upang muling magbalik , sa Langit. Ang sabi niya, "Huwag magulumihanan ang inyong mga puso."

84 Nang Siya ay narito pa sa lupa, ang sabi Niya, "Kayong mga Judio, sumampalataya kayo sa Diyos. Ngayon, alam kong masama ang pangalan ko," ang sabi Niya. "At sinabi nila na Ako ay ganito, ganoon, at iba pa. Ngunit, sumampalataya kayo sa Diyos; at kung kayo'y sumampalataya sa Diyos, sumampalataya rin naman kayo sa Akin. "Siya ay Diyos, na naipahayag. Kita n'yo? "Sumampalataya rin naman kayo sa …"

85 "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming …" O, "sa ekonomiya ng Aking Ama, sa mga plano ng Aking Ama ay maraming mga palasyo. Paroroon ako upang maghanda ng isang dako. "Tingnan n'yo kung gaano kahaba iyon, labing limang daang milyang parisukat! Sasabihin mo, nasaan ba iyon? Pumaroon Siya upang ihanda iyon. Isa Siyang Manlilikha. Nililikha Niya an g lahat ng gintong iyon. Ang mga lansangan ay parang salamin. Isa Siyang manlilikha. Gumawa siya ng isang dako. Sa Apocalipsis 21, ay sinabi Niya, "At akong si Juan, nakita ko ang Bayang Banal, ang bagong Jerusalem, na bumaba mula sa Diyos buhat sa Langit." 168 "Wala nang dagat; ang unang lahi, ang unang lupa ay lumipas na." Ano ba ang unang Langit? Iyon ang Milenyum. Ano ang unang Lupa? Ito. Ito ay kukumpunihin. Gaya ng nabautismuhan ito ni Noe sa mga kaarawan ng kaniyang pangangaral; lilinisan ito ni Cristo, nang Kaniyang diligan ito ng Kaniyang Dugo; at ito ay makukumpuni, aalisin ditto ang lahat ng mikrobiyo at lahat ng mga bagay, sa gagawing pagkukumpuni sa banding huli sa pamamagitan ng isang bautismo sa Apoy na Siyang pupuksa sa bawat mikrobiyo, bawat sakit, bawat karamdaman, bawat karumihan na napasaibabaw ng lupa.

86 Sasabog siya, at lilitaw ang Bagong Lupa. "At nakita ko ang isang Bagong langit at isang Bagong Lupa. Ang unang Langit, ang unang lupang ito, ay lumipas na; at wala nang dagat. At akong si Juan, nakita ko ang Bayang Banal, ang Bagong Jerusalem, na bumaba buhat sa Diyos mula sa Langit." Doon ay makakapiling ng Diyos ang Kaniyang mga tunay na katangian, mga anak na lalaki at babae, kung saan ay magagawa Niyang, makisama sa kanila sa kabanalan, at ang kanilang mga mata ay bulag na sa anumang kasalanan. Hindi na muli pang magkakaroon ng kasalan doon. 170 Magsikap tayong mabuti, huwag kayong padaya sa araw na ito, bagkos, "magsumikap kayong pumasok sa pintuan."

"Sapagkat maiiwasan sa labas ang lahat ng mga mapakiapid, mga mapagnasa." "Ang sinumang

tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala na ng pakikiapid.” Lahat ng … naroroon sa labas ang mga babaeng mapangalunya, mga lalaking mapangalunya, at iba pa. 172 Ang tanging yaong mga tinubos, at nakapaloob sa Aklat ng Buhay ng Kordero, ang makapapasok sa pintuan. Kaya magsumikap kayo, mga kaibigan; huwag kayong padaya sa mga huling araw na ito.

87 Isa itong dakilang pagkakataon. Bawat isa ay may pera. Bawat isa ay makagagawa nito, at bawat isa ay makagagawa noon, at umaapaw ang salapi kahit saan, mga naggagandahang sasakyan, at lahat na. Wala roong kahit isa noon sa Bayang iyon. Wala roong isa mang sasakyan, isa mang eroplano. Wala. Magiging ibang-iba ang kabihasnang iyon. Muling magbabalik iyon sa pagiging isang kabihasnan, hindi ng kaalaman, hindi ng agham, kundi ng kawalang-malay, at pananampalataya sa Buhay ng Diyos. 174 Magsumikap tayong pumasok Doon. Sapagkat iyan ang kabuuan ng aking layunin, ang makapasok sa Bayang iyon baling araw; at ako'y lilingon, sa aking likuran, ay makikita ko ang bawat isa sa inyo na nagmamartsa kapag inaawit natin ang “The saints go marching in,” Nais kong mapabilang doon kapag ang mga Banal ay nagmamartsang papasok doon. Manalangin tayo.

88 Mahal naming Makalangit na Ama, sa pagtatapos ng mga araw, at nakikita naming papalapit na iyon, ang pangako ay nalalapit na. Dumadalangin kami, Mahal na Diyos, na ilagay Mo nawa iyan sa aming mga puso, upang hindi kani magkamali. Mahal na Diyos, panatilin Mong dalisay ang aming mga konsensiya. Panatilihin Mong nakalam bong ang aming mga puso, Panginoon, ang mga mata ay nalalambungan sa mga bagay ng sanlibutan, at mga bagay na walang akbuluhan sa sanlibutang, walang kabuluhang kaluwalhatian ng pagiging isang taong sikat. 176 Kahit pa gaano sila kasikat, lahat ng mga hari, mga pangulo, mga taong may kapangyrihan, at lahat ng iba pa ay maglalaho, at hindi babangon ang mga iyon sa ika- ….sa unang pagkabuhay na muli. Sapagkat nasusulat, “Mapalad at banal ang nagkaroon ng bahagi sa unang pagkabuhay na muli, na sa kanila ay walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan.” O Diyos! “Ang ikalawang kamatayan,” Ang espirituwal na kamatayan,“ ay walang kapangyarihan,; natubos na Siya!

89 O Diyos, isipin na lang na isa sa oras na ito, ang isa ay dadalaw sa isa, at maagaw pataas. “Dalawa nag nasa higaan; kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa. Dalawa ang nasa bukid; kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa.”

O Diyos, tulungan mo kami na maging dalisay sa—sa Iyong paningin, Panginoon, kahit ano pa nag ipalagay sa amin ng mga tao, ano man ang sabihin ng ibang tao. Panginoon, hayaan Mong ang aming banal … An gaming pamumuhay ay maging banal. Hayaan Mong maasinan ito ng Salita ng Diyos; maging maalat nawa ito Panginoon, na walang masumpungang daya sa amin. Habang sumasamo kami, sa aming mga pagkakamali, na ang dugo ni Jesus Cristo nawa ang mamagitan sa amin at sa Diyos, na kapag tumingin Siya sa amin pagkatapos sa Dugo no Jesus; hinsi sa aming mga pansariling katuwiran, o kung sino kami, o kung ano ang nagawa namin, kung hindi tanging sa Kaniyang katuwiran lamang. Diyos, itulot Mo ito!

90 Nawa ay walang isa mang naka upo rito sa gabing ito na nakarinig ng Mensahe, nawa ay walang isa man sa kanila ang mapahamak, mula sa pinaka bata hanggang sa pinaka matanda. Nawa ang maging banal nilang pagnanasa ay maging para sa Diyos lamang sa Kaniyang Salita. Hindi namin nalalaman kung anong oras Siya magpapakita, o kung anong oras Niya ipatatawag upang magsulit sa panahon ng paghuhukom. Hindi naming alam kung anong oras Niya kukunin ang aming card sa lalagyan, upang sabihin, “Oras na ng paguwi. Kailangan na ninyong umalis.” Diyos, tulungan Mo kami na manatiling dalisay. Itulot Mo ito, Panginoon. 180 Nawa ay manatili kaming buhay hanggang sa Pagdating ng Panginoon, kung maari lang. Magawa nawa naming nag lahat ng nasa aming kapangyarihan, ng may pag-ibig at pang-unawa, nauunawaan na sinasaliksik ng Diyos ang sanlibutan, sa araw na ito, hinahanap ang bawat tupang ligaw. At nawa ay makausap namin sila, kalakip ang panalangin ng pag-ibig at ang Salita ng Diyos, nang sa gayon ay masumpungan namin ang kahuli-hulihang isang iyon, nang sa gayon ay makauwi na kami, at makaalis na sa matandang Eden na ito ni satanas, Panginoon.

91 Lahat ng ito ay naitatag sa ibabaw ng pita, at ang mga naggagandahang babae, gaya ng natagurian sa sanlibutan, sampu ng kanilang mga patalastas doon, “Nagpapatalastas kami, at nais naming dumalo sa mga kalalakihan na may jam sa kanilang mga mukha, at mga naggagandahang kababaihan na naka-syorts,” sa aming mga radyo at telebisyon; at lahat ng uri ng karumihan at kahalayan, at Hollywood; at lahat ng uri ng sexy, marumi, mahalay na pananamit ng kababaihan. At—ang lalaki ay naililiko at nagsusuot ng damit ng babae at ang ayos ng kanilang buhok ay tulad sa babae; at ang mga babae naman ay tulad sa lalaki. 182 O Diyos, kahindik-hindik ang oras na ito na kinabibilangan namin! O, pumarito Ka na, Panginoong Jesus, pumarito Ka na! Pumarito Ka na, Panginoon! Linisin Mo kani sa pamamagitan ng Dugo. Alisin Mo ang lahat ng

dumi at daya sa amin. Hayaan Mong mamuhay kami Panginoon. Hayaan Mong mamuhay kami sa ilalim ng Dugo, sa lahat ng pagkakataon, sa iyong harapan. Ito ang nasa n gaming mga puso, at ang tapat naming pagsamo.

92 Mahal na Diyos. Nakalapag sa enta-… o dito sa pulpito, sa gabing ito, kung saan naipatong ang Ebanghelyo. Panginoon, naririto't nakalapag ang mga panyo at maliliit na piraso ng tela na dadalhin sa mga maysakit at mga nagbabata. Hayaan Mong ang panalanging may kalakip na pananampalataya, Panginoon, ay magmula sa aming mga puso ngayon, sa Iyong paningin. Kung magkagayon, Panginoon, kung mayroon mang anumang bagay na marumi sa amin, Panginoon, kunin Mo ang aming … dalhin Mo kami sa paghatol ngayon; at nagmamakaawa kami. Ihayag mo sa amin ang mga maling nagagawa naming, Panginoon, upang magawa naming humiling, at kunin ang Dugo at malinis kami. Pagalingin Mo ang mga taong ito na maysakit at paigihin Mo sila, Ama, saan man sila humantong, saan man sila magtungo. Mangyari nawa ito, Ama.

93 Ibigay Mo sa amin ang determinasyon na maglingkod sa Iyo, at tanging sa Iyo lamang. Itulot Mo po ito, Panginoon. 185 Gawin Mong ligtas ang mga butihing taong ito na pauwi na ngayon. 186 Salamat sa paraan ng pagpapagaling Mo sa mga tao. At si Sister Shepherd, at mga anak na lalaki ni Brother Shepherd na naaksidente sa bisikleta, dalangin ko na walang masamang mangyari sa kaniya; ang maliit na batang nagbibisekleta, dalangin ko na gumaling na siya. Pinasasalamatan Ka namin sa pagpapagaling Mo sa iba pang mga tao na idinulog naming sa Iyo. "At alam namin na anumang na hilingin namin, ay tatanggapin namin, sapagkat may pagtitiwala kami sa Kaniya na nangako." 187 Ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong biyaya, Panginoon, at patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan, hiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

94 Mahal n'yo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Sumasampalataya ba kayo sa Kaniya? ["Amen."] Naniniwala ba kayong patungo na ito sa Milenyum, at sa Kaniyang Milenyum; sa Kaniyang, sa Kaniyang Eden? [" Amen."] 189 Sumasampalataya ba kayo na buo na iyon ngayon? Tingnan n'yo, lahat ng bagay ay nakasalig sa pagiging intelektuwal. Lahat, lahat ng bagay, ay kailangang mapatunayan sa pamamagitan ng isang Agham bago nila iyon paniwalaan. 190 At hindi Mo maaring patunayan ang Diyos sa pamamagitan ng Agham. Kailangang tanggapin Mo Siya sa pamamagitan ng pananampalataya,

"Sapagka't ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos, at Siya ang tagapagbigay-gan ti sa mga sa Kaniya'y nagsisihanap."] 191 O, Diyos, ayaw kong malaman ang iba pang bagay liban sa Dugo ni Jesus Cristo na lumilinis sa akin mula sa kasalanan. Wala akong ibang nalalaman maliban kay Jesus Cristo. At gaya ng sinabi ni Pablo noong araw, gayon din ang sasabihin ko sa gabing ito, "Wala akong nalalaman kung ihahambing sa inyo, maliban kay Jesus Cristo, at ang Kaniyang pagkapako sa krus."

95 Iyan Lang ang alam kung sasabihin sa inyo. Na, ang Bibliang ito, sinasampalatayanan ko ng taos sa aking puso (Kung kilala ko ang puso ko), na ito ang sakdal at walang halong Salita ng Diyos. Sa pamama gitan Nito ay nabubuhay ako. Sa pamamagitan Nito ay nakatayo ako. At kung magkaroon man ako ng sampung libong buhay, nais kong ibigay ang bawat bahagi nito para sa Salitang Ito. Sapagkat ito ang Sinalita ni Jesus Cristo. At kahit pa gaano nila sikaping pamalian Ito, gaano pa ipagpilitang sabihin ng agham na hindi Ito mapagkakatiwalaan, at iba pa. Para sa akin, Ito lamang ang tanging Bagay sa mundo na maaari kong pagtiwalaan, ay ang Salitang Ito. Siya'y sa akin. Mahal Ko Siya. Hindi n'yo ba Siya mahal? ["Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."]

96 Kung may kasalanan sa inyong puso, kung may kamalian sa inyong puso, kung mayroon kayong anuman, dumalangin kayo ngayon at hilingin ninyo sa Diyos na patawarin Niya kayo. Ipanalangin ninyo ako; ipapanalangin ko kayo. Pagpalain kayo ng Diyos iyan ang aking dalangin. Hanggang sa muli! Hanggang sa muli! Pagpalain ka hanggang sa muli. 194 Mahal ba ninyo ang isa't-isa ["Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."-Ed.] Ang sabi ni Juan, "Mumunti kong mga anak mag-ibigan kayio sa isa't isa." "Mag-ibigan kayo sa isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay tumatakip sa maraming kasalanan." Ngayon ay magkamayan tayo. Ang Diyos ang magpapala hanggang sa muli. Hanggang sa muli! Hanggang sa muli! 195 Ngayon, maging mabait kayo sa isa't isa. Maging mabait kayo sa lahat ng tao. Maging mabuti kayo sa iyong kapuwa. Panatilihin mong walang batik ang iyong sarili hanggang sa pagdating ni Jesus. … muli; Hanggang sa muli! Hanggang sa muli!

Ang Diyos ang magpala hanggang sa muli!

97 Mahal n'yo ba Siya? ["Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Iyan ang aking dalangin. Idalangin n'yo ako; idadalangin ko kayo. Kailangan kong magbalik sa Tucson ngayon. At i—idadalangin ko na lahat kayo'y pagpalain ng Diyos. Mula roon ay tutungo ako sa Canada, at magbabalik sa Colorado; magpapabalik-balik, pabalik-balik, pabalik-balik, kita n'yo. Hanggang sa …?... 197 Naroroon na ngayon si Brother Tony, at may magandang nangyari. Doon mismo sa Vatican, sa Roma, nag-aanyaya sila ng isang revivel, isang gawain, upang pumaroon ako at magdaos ng isang revival doon sa Roma. Kababalik lang niya mula roon. Nagkakaisa ang mga tao. Mayroon sila roong isang malaking arena, kung saan ay makauupo ang libu-libo, at nais nilang pumaroon ako upang magdaos ng isang revival. Nais nilang Makita ang kaluwalhatian ng panginoon sa ministeryong ito. Hindi ko alam. Kailangan ko itong ipanalangin, upang makita ko kung ano ang sasabihin sa akin ng Panginoon. Ay, nako! Alalahanin n'yo manalangin kayo,

sama-sama tayong lahat. Tayo ay gumagawa … Hinihintauy natin ang pagdating ng Poon, Masdan n'yo malago na ang puno ng igos; Balita ng kaharian ng Diyos laganap na; nalalapit na ang wakas. 198 Tama ba'yon? [”Ang kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”-Ed.] Buong kagalakang ibabadya natin ang Kaniyang pagdating, Darating Siyang maluwalhati para sa lahat; gumising na mga banal at nag wakas ay darating, Dinggin natin ang huling tawag.

98 Liliko Siya sa kanluran, at muling magbabalik, isa sa mga araw na ito, alalahanin lang ninyo. Tiyak Siyang magbabalik. At tama iyan. Hanggang sa pagkakataong iyon; Ngalan ni Jesus ay kunin, Anak ng dusa't dalita; Hatid Nito'y kaligayahan, Sa'n ka man umabot pa. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dahilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit. Yuyukod sa Iyong pangalan,

Susubsob sa Iyong paa. Ikaw ang tatanghaling Hari, Sa dulo ng paglalakbay. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dahilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit.

99 Ngayon sa huling saknong na ito, umawit tayo nang ang puso natin ay nagpapakumbaba. Ngalan ni Jesus ay kunin, Kalasag sa masama; Kung pagsubok ma'y lumapit (Ang mga bagay na ito sa kaharian ni Satanas, kita n'yo, kita n'yo) Manalangin kay Jesus. 201 Iyon lang; pagkatapos ay lumakad na kayo. Mabisa ito. Subok ko na ito. Sampalatayanan lang ninyo ito ngayon,' pagkat ito'y mabisa. Sambitin lang ninyo ang Kaniyang banal na Pangalan sa in yong panalangin. … ni Jesus ay kunin, Kalasag sa masama; Kung pagsubok may lumapit, (Ano ang gagawin n'yo kung gayon?) Manalangin kay Jesus (Matatakpan ng Lambong ang mukha ninyo kung gayon.) O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dahilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit. 202 Iyuko natin ang mga ulo natin ngayon, habang hinihiling k okay Brother Beeler na naririyan sa likod na pumarito sa entablado. [Nagsimulang humimig si Brother Branhan ng Ngalan ni Jesus ay Kunin—Ed.] Manalangin kay Jesus.

Wakasan mo na ang gawaing ito sa panalangin, Brother Beeler,. Magtapos tayo sa isang panalanging sa gabing ito. O dakilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit; O dahilang Pangalan! Pag-asa ng lupa't Langit.

100 Ngayon, habang nakayuko ang ating mga ulo, at nakayukod an gating mag puso. Brother Beeler, isa sa mga kasama natin dito, si Brother Estle Beeler, isang butihing kapatid na Cristiano, isang taong matapat. Hihilingin ko na siya ang magpauwi sa mga tagapakinig ngayong gabi sa pamamagitan ng isang panalangin. Pagpalain ka ng Diyos, Brother Beeler.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7